

Pagsasaespasyo at Pagpopook sa mga Pagkaing Pilipino sa New South Wales, Australia

Axle Christien J. Tugano
University of the Philippines Los Baños
ajtugano1@up.edu.ph

ABSTRAK

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na ugatin ang ugnayan ng Pilipinas at Australia –na labas o lalagpas sa padrong kinasanayang tumuon at kumiling sa usapin ng diplomasya, politikal, at iba pang usaping pang-estado-sa-estado at nasyon-sa-nasyon –na kung saan napag-iwanan at hindi gaanong nabibigyang tinig at tuon ang halagahin ng taumbayan sa kabuoan. Ang ganitong pamamayani ng Kanluraning pananaw ng *Area Studies* at *Regionalism Studies* ay sumasagka sa pagpapalitaw ng kaakuhang makaPilipino-Asyano. Kaya naman upang itaas ang taumbayan, pinahahalagahan sa pag-aaral na ito ang paggamit ng pananaw na kumatig sa balangkas ng *Araling Kabanwahan* at *Kasaysayang Kabanwahan* upang siyasatin ang ugnayan o pag-uugnay ng Pilipinas at ibayong dagat. Sa kasong ito, itinuon ang paksa sa pagsasaespasyo at pagpopook sa mga pagkaing Pilipino sa New South Wales, Australia nang sa gayon ay maitanghal ang “bayang Pilipino” sa entablado ng “ibang bayan.” Gayundin, karagdagang ambag ito sa pinagyayamang konsepto ng *Kalutong Bayan*. Liban sa aktuwal na pakikilahok ng mananaliksik sa espasyo ng Australia, gumamit din ito ng metodolohiyang taal sa mga Pilipino –gaya ng pagtatanong-tanong, pakikipagkuwentuhan o pagpapakuwento, patikim-tikim, pagtingin-tingin, at pagsusuruy-suroy na matagal nang pinagyayaman sa mundo ng Filipinisasyon.

Mga Susung Salita: *Araling Kabanwahan, Australia, Kalutong Bayan, Kasaysayang Kabanwahan, Pilipinas*

INTRODUKSIYON

Pangunahing pangangailangan ng lipunan ang pagkain. Sa payak nitong katangian, nagbibigay ito ng lakas at sustansiyang nagpapatibay ng resistensiya ng katawan. Ang ingklynasyon dito ng mga Pilipino ay malaong mababakas sa kani-kanilang mga hapag, sa kung papaano ito binibili o ibinebenta, niluluto, at kinakain. Gayumpaman, hindi gaanong napapansin ang historikal o sosyolohikal na katangian ng mga pagkain. Una ko nang nabanggit na matagal nang dumadaloy ang pagkain sa agos ng ugnayan at pagkakaugnay-ugnay ng Pilipinas at ibang bayan. Siklikal itong kumilos sa daloy ng migrasyon o pandarayuhan na maituturo pa sa mga ninunong Austronesyano sapagkat

dala-dala na nila sa kanilang mga malayuang paglalakbay ang kaalaman tungkol sa pagkain at pagluluto (i.e. pag-iihaw, pagkikilaw, at pagpapakulo). Kalauna'y papasok ang pagkain sa kalakalan (i.e. Kalakalang Galyon noong 1565-1815 o pagpapalitan ng mga produkto) at ngayon ay bahagi na rin ng globalisasyon (Tugano 2021).

Kaya naman napapanahon na rin ang pagpopook at pagsasakasaysayan sa mga pagkaing Pilipino. Matindi ang aking pagsang-ayon sa historyador na si Atoy Navarro (2015a) na kinumpuni ang mga babasahing patungkol sa ugnayan ng pagkain, kultura, at kulinaryong Pilipino (cf. Guerrero-Nakpil 1967; Cordero-Fernando 1976; Fernandez 1986; Fernandez at Alegre 1988; Alegre at Fernandez 1991; Alegre 1992; Cordero-Fernando 1992; Ocampo 1993; Fernandez 1994; Fernandez 1997; Fernandez at Best 2000; Sta. Maria 2005; Sta. Maria 2006; Trinidad 2008; Sta. Maria 2012; Salazar 2012). Maliban pa sa kaniyang mga nabanggit na akda, maidadagdag pa ang ilang literatura (Fernandez 1988; Fernandez 1998a; Fernandez 1998b; Besa at Dorotan 2006; Ramos 2018; Sta. Maria 2021). Ganoon din ang kauna-unahan o kung hindi man, isa sa maagang akda ni Pura Villanueva-Kalaw na *Condimentos Indigenas* (1918). Bagaman nasa wikang Español, naglalakip ito ng kaalaman hinggil sa 154 na mga putahe (54 sa gulay, 29 sa *seafood*, 33 sa panghimagas, at iba pa) (Tayag 2022).

Sinalungguhitan din ni Navarro na kailangang magkaroon ng pagpapaksa sa mga pagkaing Pilipino na nasa wikang pambansa (Navarro 2015a), dahil ang mga nabanggit na literatura sa itaas ay pawang nasa wikang Ingles. Pinahalagahan din ni Navarro ang akdang *Kasaysayan ng Kaluto ng Bayan* (1993) ni Milagros Enriquez dahil naipaliwanag dito ang konsepto ng *kalutong bayan* at mga pagkaing Pilipino sa wikang F/Pilipino. Gayumpaman, hindi nabigyan ni Enriquez ng pagpapakahulugan ang *kalutong bayan* kung kaya ito ang tinugunan ni Navarro. Kung gayon, maituturo sa huli ang isang panukalang pagpapakahulugan hinggil sa *kalutong bayan*:

[t]umutukoy ang *kalutong bayan* sa kaalaman, karanasan, at kasanayan ng bayan sa paghahanap o paglilinang, pagproprodyus, pagproproseso, pag-iimbak, paghahanda, pagluluto, paghahain o pagprepresenta, pagdidistribuyut, pagkokonsumo, at pagdidispuwesto ng pagkaing tinatangkilik ng taumbayan. Makikita ang *kalutong bayan* hindi lamang sa *loob* ng mga tahanan kundi sa *labas* nito kung saan matutunghayan ang mga prosesong paghahanap o paglilinang, pagproprodyus, pagproproseso, pag-iimbak, paghahanda, pagluluto, paghahain o pagprepresenta, pagdidistribuyut, pagkokonsumo, at pagdidispuwesto ng pagkain. Samakatuwid, saklaw nito ang mga kalakaran sa bukirin, sakahan, palaisdaan, pagawaan, imbakan, lutuan, pamilihan, tindahan, kainan, at basurahan na kaugnay ng pagkain ng mamamayan (Navarro 2015a).

Ang ganitong pagpupunyagi ni Navarro upang papasukin ang pagkain sa diskursong Pilipino ay nagbigay sa akin ng kislap-diwa upang saliksikin ang paksa. Sa mga siniping

kaalaman, nauna na niyang pinag-aralan ang pagpopook at pagsasakasaysayan sa mga espasyong Pilipino sa Bangkok, Thailand (Navarro 2015a). Kaya naman naambagan din kahit papaano sa isa kong pag-aaral ang pagtatampok sa mga pagkaing personal na natikman sa Timog Silangang Asya, partikular sa Indonesia at Malaysia. Gayundin ang tanyag na *Jollibee* bilang espasyong Pilipino sa Brunei Darussalam at Singapore (Tugano 2021).

Bagaman mas marami pa rin ang nasa wikang Ingles, may mangilan-ngilan nang nakapagsulat sa wikang F/Pilipino, liban pa sa mga nasabing akda (Enriquez 1993; Navarro 2015a; Tugano 2021), mahalaga rin ang mga pag-aaral na *Dila at Bandila: Ang Paghahanap sa Pambansang Panlasa ng Filipinas* (Ramos 2019) at “Pagsusuri ng mga Salitang Kapampangan Mula sa Arte dela Lengua Pampanga ni Fray Diego Bergaño na may Kaugnayan sa Pagkain” (Espada 2019). Kung kaya sa pagkakataong ito, aambagan muli ng artikulong ito ang malaong pagsasaespasyo at pagpopook sa mga pagkaing Pilipino mula sa New South Wales, Australia na sumasayapak sa balangkas ng *Kasaysayang Kabanwahan*.

Kasaysayang Kabanwahan: Batayang Pananaw

Pinagyayaman sa *Bagong Kasaysayan* ang *Araling Kabanwahan* at *Kasaysayang Kabanwahan* bilang isang larangang makaPilipino na tutuon at magtatampok sa mga kaugnay na bayan at kabihasan na naglalayong isentro at/o itaas sa talastasang F/Pilipino, gamit ang wikang F/Pilipino (Navarro 2012; Elumbre 2015). Ito ay kontra-diskurso sa *Area Studies* o *Regionalism Studies* na kadalasang tinitingnan ang isang rehiyon, halimbawa ng Timog Silangang Asya (Navarro 2015b) bilang pasibong tagatanggap lamang ng mga naghaharing sibilisasyon sa mundo (i.e. Sinicization, Islamization, at Indianization). Napapalarisa ang isang diskursong makaPilipino o makaAsyano na nasasagkaan ng mga usaping estado-sa-estado o nasyon-sa-nasyon na wala man lang halos implikasyon para sa mga mamamayan ng rehiyon.

Bagaman hindi Asya ang paksa ng pag-aaral na ito, mas mainam na sumayapak ang talastasan sa itinatatadhana ng *Kasaysayang Kabanwahan* na naglalayong pag-aralan, halimbawa ay ang ugnayan at pag-uugnay ng Pilipinas at Australia. Ayon kay Navarro, paksa ng *Kasaysayang Kabanwahan*:

[a]ng *kaugnay* at/o *ibang bayan*. Batid naman nating hindi lamang tungkol sa sariling kabihasan ang pag-aaral ng kasaysayan kundi ukol din sa mga kaugnay na kabihasan at/o ibang kabihasan... Bilang pangkasaysayang pag-aaral sa pagkakaugnay at pag-uugnay ng mga kabihasan, saklaw ng *Kasaysayang Kabanwahan* ang kasaysayan ng diplomasya, migrasyon, at ugnayang pangmamamayan, kasaysayang komparatibo, at pangkasaysayang araling pang-erya (Navarro 2012).

Gayumpaman, kadalasang tinitingnan ang pag-aaral sa ugnayan ng Pilipinas at ibang kabihasan na nakakawing sa usaping politikal at diplomasya. Palaging naitatampok

ang diplomatikong ugnayan ng dalawang bansa, i.e. *economic agreement, bilateral* o *multilateral agreement*, at iba pa, ngunit hindi gaanong naitatampok sa paksa ang taumbayan. Kaya naman pinalakas ng *Kasaysayang Kabanwahan* ang ganitong puwang sa araling pang-erya (o sa iba ay *area studies*). Layunin ng pag-aaral na ito na paksain ang pagpopook ng pagkaing Pilipino sa New South Wales, Australia. Kung si Navarro ay nagtampok sa mga Pilipinong nagbebenta o nagmamay-ari ng mga restawran at tindahan sa Bangkok, tutugunan naman ng papel na ito ang mga parokyanong Pilipino sa New South Wales, Australia. Higit na itutuon ang kanilang karanasan sa pamimili, pagluluto, at pagtangkilik sa mga pagkaing Pilipino, mala-pagkaing Pilipino, o posible pa ngang inaangking pagkaing Pilipino.

Bilang metodolohiya, gagamit ang pag-aaral na ito ng makaPilipinong *pagtatanong-tanong, pagpapakuwento*, at *pakikipagkuwentuhan* (Santiago at Enriquez 1982; de Vera 1982; Orteza 1997; Aquino 2006) na matagal nang pinagyayaman sa *Sikolohiyang Pilipino*. Saklaw ng *pagpapakuwento* ang pagiging primaryang batis ng mga impormasyong ibinabahagi ng nagkukuwento samantalang sa *pakikipagkuwentuhan* ay nagkakaroon ng palitan ng kuru-kuro, karanasan, at kaalamang namamagitan sa mananaliksik at sinasaliksik. Gayundin ang pagpapasanib ng *pagmamasid, pag-ooserba, pagtingin-tingin*, at *pagsusuruy-suroy* sa dinarayong pook. Higit sa lahat ang *pagtitikim-tikim* o karanasan hinggil sa paglalasa, pagnguya, o paghigop ng pagkain bilang proseso at pandama ng tao. Lalo pa at sa binubuo kong *Araling Pangmanlalakbay* (Tugano 2022a; Tugano 2022b), mahalaga ang ganitong mga metodo upang makatalisod ng mga organikong kaalaman na malao'y maaaring mapag-aralan bilang paksa at siyempre pa, sumasayapak sa *Araling Kabanwahan* at *Kasaysayang Kabanwahan*. Ginamit halimbawa nina Dagli ang *pamamaybay* (2013) at Pama ang *paagi-agi* (2014) sa kani-kanilang mga pag-aaral upang makapasok sa oryentasyon at kapookan ng paksang inaaral.

Nagmula ang pananaliksik na ito sa aking dalawang beses na paglalakbay sa Australia noong 2016 at 2020. Ang mga nabanggit na metodolohiya ay nagamit sa pangangalap ng mga organikong kaalaman at impormasyon na ngayon ay aking pinalalawak. Marami sa mga kainan, pamilihan, at pagawaang Pilipino ang personal kong narating. Gayumpaman, nagsagawa pa rin ng karagdagang pangangalap ng impormasyon noong 2022, sa anyo ng ginabayang *pakikipagkuwentuhan, pagpapakuwento* (Aquino 1999), at *questionnaire*.

Ugnayang Pilipinas at Australia sa Kasaysayan

Liban sa akdang *Connecting Two Cultures: Australia and the Philippines* (2014) ni Perdon, masasabing salat pa rin ang mga babasahing tumatalakay sa kasaysayan ng ugnayang Pilipinas at Australia. Sa inalabas na babasahin ng Embahada ng Pilipinas sa Canberra noong 2012, malinaw nilang iniugat at sinimulan ang kauna-unahang ugnayan ng Australia at Pilipinas noong huling hati ng 1800. Panahon ito kung kailan ipinakilala sa Maynila ng isang negosyanteng Australyano ang de-botelyang gatas lalo pa at ito ang pangunahing produktong iniluluwas ng Australia sa mundo (PBSRTM w.tn.; Philippine

Embassy 2012). Lumalabas na mga Australyano pa ang nangandayuhan sa Pilipinas gayong matagal na ring nakakapunta ang mga Pilipino sa kontinente.

Mahigpit na ipinagbabawal noon ng pamahalaang Australia ang pagpapapasok ng maraming Asyano lalo na ang mga “hindi puti” ngunit noong 1947 mayroon nang naitalang 141 na Pilipino ang naninirahan sa Australia (Bevan 2018). Dalawang dekada ang nakaraan pagkatapos nito, binuwag ng Australia ang kanilang rasistang *White Australia Policy* na nagbigay ng oportunidad sa mga Pilipino na makapasok dito. May dalawang panahon kung kailan dumagsa ang mga Pilipino sa Australia. Una, sa pagitan ng 1971 at 1980 ay naging maluwag ang bansa sa patakarang imigrasyon (Victoria 2015). Pangalawa, ang pagpapatupad ng Batas Militar sa Pilipinas noong 1972 ay nagtulak sa ilang mga Pilipino na magpunta sa Australia. Sa New South Wales, una silang nagkaroon ng konsentrasyon sa Mascot, Bankstown, Hurstville, at Marrickville na kalaunan ay lalawak hanggang sa Blacktown (Perdon 2014; Violata at Manila 2017).

Gayumpaman, hindi ito ang unang yugto ng pagdating ng mga Pilipino sa Australia. Umuunlad noon ang industriya ng pamemerlas (*pearl diving*), na probableng sa bahagi ng Coral Sea o bandang Arafura Sea, kaya noong 1874 hanggang 1940, ang mga Pilipinong nagnanais makakuha ng ginhawa ay tumawid sa Bass Strait (Perdon 2014; Wall at Choo 2016). Unang dumating sa Northern Territory ang mga mamemerlas mula sa Kabisayaan at Mindanao ngunit kadalasan pa rin silang binabansagang *Manila Men*, dahil Maynila (sentro ng komersiyo) ang iilan sa pamosong lungsod na alam ng mga Australyano tungkol sa Pilipinas noong mga panahong iyon (Tugano 2020). May ilang Pilipino naman ang gumawa ng *pier* o *wharf* sa Port Darwin noong 1910 (Philippine Embassy 2012). Ang Port Darwin ay pamoso dahil sa Cullen Bay at Stokes Hill Wharf. Samantala, ang iba’y nagpakadalubhasa sa industriya ng perlas sa Torres Strait, Thursday Island, at Broome, Western Australia (Tugano 2020). Nabanggit din ang Australia sa himagsikang Pilipino. Kilala ang mga rebolusyonaryong sina Candido Iban at Francisco del Castillo ng Capiz na naglalayag noon sa Australia habang nagpapadala ng pera sa Pilipinas upang masuportahan ang himagsikan (Ileto 1998; Villan 2014).

Liban sa perlas at gatas, sa pagpasok ng dantaon 19, umaangkat pa rin ang mga Español sa Pilipinas ng mga kabayong nagmumula sa Australia (Zaide at Zaide 2005). Binabayaran ng mga Español ang mga Australyano ng *pilak de Mehicano*. Ang baryang ito ay binutasan ng mga Australyano upang maging *holey dollars* na kanilang ginamit sa sirkulasyon ng pananalapi noong 1820 hanggang 1825 (Zaide at Zaide 2005).

May ilang historyador at siyentista ang nag-aral tungkol sa kasaysayang buhay ng mga indibidwal. Halimbawa ang mga akdang tungkol kay Heriverto Zarcal (Ileto at Sullivan 1993; Torres 1994; Ileto 2004) na tubong Santa Cruz, Maynila na lumipat at nakarating sa Queensland, Northern Australia noong 1892. Binalangkas nina Torres at Ileto ang mahahalagang yugto sa buhay ni Zarcal: bilang isang mamemerlas at negosyanteng nakapagpatayo ng ilang pagawaan ng perlas; bilang isang Pilipinong nakaranas ng diskriminasyon at marhinalisasyon mula sa Australia hanggang sa makamit niya ang

naturalization na nagdala upang makamtan niya ang pantay na karapatan sa bansa; at bilang isang Pilipinong rebolusyonaryo at diplomat sa ilalim ni Emilio Aguinaldo.

Itinuon naman sa akdang *The Emergence of Southeast Asian Diaspora in Australia (1972-2007)* (2016) ni Capili ang kasaysayan ng mga Timog Silangang Asyanong manunulat, makata, at aktibista na nanirahan sa Australia. Itinanghal ni Capili ang mga Pilipinong manunulat na nakapaglimbag ng mga babasahing Ingles sa Australia (Capili 2016). Naging mahalaga rin ang aking pakikipag-usap noon kay Rogelia Pe-Pua ng University of New South Wales at isa sa mga tagapagsulong ng *Sikolohiyang Pilipino*. Bagaman hindi natuloy ang aming pagkikita sana sa Wollongong, nakapagbigay pa rin si Pe-Pua ng kaalaman.¹ Naibahagi ni Pe-Pua sa akin ang kasaysayan ng pagbubuo ng ilang programa, organisasyon, at samahang Pilipino-Australyano sa bahagi ng New South Wales. Itinampok niya rito ang *Voice Out Conference* na naisakatuparan noong 2002 dahil sa magkasamang adhikain ng *Community Relations Commission (CRC) at Philippine Community Council of New South Wales*.² Nilayon ng programa na itampok sa kabataang Filipino-Australian ang mahahalagang isyu tungkol sa wika, pamilya, at kamalayang panlipunan (Pe-Pua 2002). Lalo pa't karamihan sa kanila (*Filo*=Pilipino) ay dumaraan sa transnasyonalismo o *Australianization* na tinutukoy ni Torres-D'Mello (2003). Naibahagi rin ni Pe-Pua ang makasaysayang pagsasanay ng *Towards Full Participation in Australian Society* na naganap noong Pebrero hanggang Mayo 1998 sa Figtree, New South Wales (Di-banggit 1998). Ang nasabing programa ay pinagtulungan ng *The Illawarra Filipino Women's Group Inc. (IFWGI) at Community Development Grant from the Ethnic Affairs Commission (EAC) of New South Wales*.³ Nilayon ng mga samahan na mapangalagaan ang karapatan ng kababaihan sa edukasyon.

May mahahalagang pag-aaral din ang naisulat tungkol sa karanasan ng mga Pilipino sa Australia (cf. Bobis 2021; Capili 2021; Devilles 2021; Lacuna 2021; Llana 2021; Lorenzana 2021; Maiquez 2021; Van 2021) dahil ayon nga kay Yapan (2021), posibleng maikabit ang imahinaryong Pilipino sa daloy at galaw ng migrasyon sa Australia.

1 Marso 3, 2020, habang ako'y nasa Gledswood, Sydney, naitala ang unang kaso ng COVID-19 sa Australia. Kinompirma na mayroong ilang positibong kaso sa mga mag-aaral ng Epping Boys Highschool (Elsworthy 2020), isang paaralan na malapit lamang sa aking tinutuluyang bahay sa Hornsby, katabi ng Asquith sa hilaga at Waitara sa timog.

2 Naganap ang nasabing komperensiya noong Pebrero 14-15, 2002 sa Rooty Hill High School, New South Wales. Nilahukan ito ng halos apat na daang delegadong nagmula sa Rooty Hill High School, Plumpton High School, Illawarra Region, Hunter Valley, Dubbo, at Central Coast (Pe-Pua 2002).

3 Isang suburb sa New South Wales ang Illawarra. Binuo noong 1985 ang IFWGI sa ilalim ng *Illawarra Migrant Resource Centre (IMRC)* upang matulungan ang kababaihang Pilipino sa Illawarra na magkaroon ng karapatan sa iba't ibang antas gaya ng edukasyon. Humiwalay lamang ang IFWGI sa IMRC noong 1989 at nagkaroon ng 350 kasapi. Samantala, isang mahalagang entiti ng lipunan ang EAC. Tinugunan nito ang karapatan alinsunod sa 1979 Ethnic Affairs Commission Act na may layuning panatilihin ang kultural, sosyolohikal, at ekonomikong karapatan ng sinoman (Di-banggit 1998).

Ang ganitong kultural na lente ng pag-aaral ay nagbigay ng kislap-diwa muli sa aking upang aralin ang espasyong Pilipino sa New South Wales. Sa aking artikulong *Mga Bantayog ni Jose Rizal sa New South Wales, Australia at Pagtatakda ng mga Espasyong Pilipino* (2023c), sinaliksik ang apat na monumento at bantayog ni Rizal sa Ashfield (1988), Surry Hills (1995), Campbelltown (2011-2012), at Blacktown (2018) upang ipook ang pagkakakilanlang Pilipino sa lungsod. Sa aking paglalakbay sa Australia, may mga natuklasan ditong selebrasyong Pilipino. Gaya ng *flag-raising ceremony* tuwing Araw ng Kalayaan sa Pilipinas (Victoria 2015), maaaring saliksikin sa hinaharap ang relihiyosong kapistahan ng Sinulog ng Cebu at *fluvial parade* ng Our Lady of Peñafrancia ng Naga. Ang huli ay makikitang isinasagawa sa Lithgow at Ilog Cox. Gayundin, *Araling Pangkasarian* ang magiging lapit kung mapag-aaralan ang pakikilahok ng mga Pilipinong LGBT sa taunang *Sydney Gay & Lesbian Mardi Gras* na ginanap sa Flinders, Darlinghurst noong 2020. Yumayaman na ang pag-aaral sa mga selebrasyong Pilipino sa ibayong dagat (cf. Liebelt 2013; Saint-Blancat at Cancellieri 2014; Stanley 2015; Novillo-Macasil 2019; Fast 2021), na kailangan pa ring dagdagan at naisusulat dapat sa wikang F/Pilipino.

Pag-uugat din sa ugnayang Pilipinas at Australia ang dalawang akda ni Victoria (2015, 2023). Sa unang akda, kaniyang ipinaliwanag ang kasaysayan ng implementasyon ng batas at pagtugon sa komunidad ng mga Pilipino sa Australia pagdating sa batas ng *Overseas Absentee Voting* at *Dual Citizenship*. Mahalaga ang mga nasabing batas dahil nagbigay ito ng karapatang pansibiko sa mga Pilipinong komunidad sa New South Wales upang makaboto tuwing nagaganap ang pambansang eleksiyon sa Pilipinas. Gayundin, ang pagkamit ng mga Pilipino ng kanilang *dual citizenship* upang tuwirang magkaroon nang sabay na karapatan sa ilalim ng hurisdiksiyon ng Pilipinas at Australia (Victoria 2015). Sa ikalawang akda, itinampok naman ni Victoria ang naging personal na danas bilang dating konsul sa ilang mahahalagang isyu ng lipunan katulad ng Oakwood Mutiny noong 2004 na kung saan binihag ang embahador ng Australia na si Ruth Pearce. Kinapanayam din ni Victoria si Sef Gonzales, isang Filipino-Australian na inakusahang pumatay sa kaniyang ama, ina, at kapatid noong 2001 at kina Alejandro Almirol at Prehector Trocio, mga Pilipinong inakusahan namang pumatay sa isang Tongese na si Palateveke Tauveli noong 2002 (Victoria 2023).

Mahalaga ring malaman ang naging ugnayang estado-sa-estado ng Pilipinas at Australia. Itinuon ni Banlaoi (2003) sa kaniyang pag-aaral ang pagpapatibay ng pandaigdigang kasunduan sa pagitan ng Pilipinas at Australia upang mapangalagaan ang seguridad ng bawat isa. Nakipagkasundo ang Australia sa Pilipinas at iba pang bansa sa Timog Silangang Asya katulad ng Indonesia, Malaysia, at Thailand upang pagtibayin ang kanilang mga gagawing hakbang kontra-terorismo (Banlaoi 2003). Pumayag dito ang Pilipinas dahil malaki ang naitulong ng Australia sa mga Pilipino noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nagpadala noon ang Australia (na kaalyado ng Estados Unidos) ng puwersa ng mga sundalo upang pabagsakin ang mga Hapones. Ito rin ang dahilan kung bakit noong 1946, nagkaroon ng konsuladong tanggapan ang Pilipinas sa Canberra (Banlaoi 2003).

Ganito rin ang naging pag-aaral nina Halvorson at West (2020) na tumuon sa ugnayan ng Pilipinas at Australia mula 1946 hanggang sa kasalukuyan at ilang kasunduang nagpatibay sa ekonomikong salik ng dalawang bansa lalo na sa panahon ng Cold War sa Asya-Pasipiko.

Sa kasalukuyan, marami sa mga Pilipino ang nais makarating sa Australia. Isa ito sa pinapangarap na lugar nating mga Pilipino. Bukod sa malapit ang kinalalagyang geograpikal nito sa Pilipinas upang magkaroon ng pagkakataon ang isang Pilipino na maranasan ang “mala-Europang mundo,” tampok din ang Australia dahil sa malamig na klima, aksesibol, at maalwang pamumuhay, at maging ang kahanga-hangang turismong hatid nito na mababakas sa kanilang kabundukan, karagatan, at mga *iconic landmark* ng Sydney Opera House at Sydney Harbour Bridge. Hindi mapasusubalian ang pagkahumaling ng mga Pilipino sa Australia bilang isa sa kanilang *dream countries*. Katulad ng sisipiing liriko mula sa kanilang pambansang awit na *Advance Australia Fair* (1984), binanggit nilang, *For those who’ve come across the seas... We’ve boundless plains to share* (AGDFAT w.tn.). Tila isa itong patunay na binubuksan nila ang kanilang bansa sa mga turista. Ayon sa Australian Bureau of Statistics, mula 1991 hanggang 2019, isa ang Pilipinas sa mga bansa sa Timog Silangang Asya (tingnan ang Hanayan 1) na bultuhang pumapasok sa bansa taun-taon. Sumunod ito sa Indonesia at Malaysia at halos kapantay minsan ng Thailand at Singapore. Mapapansin noong 2020 at 2021, bumaba ang bilang ng mga turistang nagmumula sa Timog Silangang Asya at unti-unting bumabalik ngayong 2022. Gayumpaman, hindi nakapagtataka kung bakit nagkaroon ng oportunidad ang mga Pilipino na makarating sa Australia upang mamasyal o magtrabaho. Lalo pa at nitong mga nakaraang taon, naging maluwag ang Australia sa pagbibigay ng bisa (*non-appearance*) sa mga turistang katulad ng mga mamamayang Pilipino –isang uri ng pagkakataong hindi makikita sa bansang Estados Unidos, United Kingdom, at mga estadong kabilang sa Schengen Area.

HANAYAN 1

Bilang ng mga turista mula sa mamamayan ng Pilipinas at Timog Silangang Asya na pumasok sa Australia (1991-2022)*

Bansa	1991	1992	1993	1994	1995	1996	1997	1998
Brunei	1,370	1,750	2,140	2,530	2,700	3,000	3,150	3,240
Cambodia	270	430	690	1,730	1,950	2,130	1,890	1,360
Indonesia	40,070	47,690	71,970	106,930	138,560	160,250	169,010	100,700
Laos	640	420	420	470	550	600	620	700
Malaysia	80,020	91,730	116,760	133,940	150,050	178,200	185,550	153,060
Myanmar	890	870	1,170	1,530	1,550	1,620	1,370	1,200
Philippines	28,450	26,470	27,350	29,890	35,010	40,800	47,730	42,330
Singapore	76,060	101,600	131,800	164,500	175,650	192,490	203,730	201,840
Thailand	25,810	33,760	46,370	66,280	80,750	88,510	68,070	44,590
Timor-Leste	---	---	---	---	---	---	---	---
Vietnam	14,060	13,040	10,800	10,890	10,360	9,810	10,040	11,840
Bansa	1999	2000	2001	2002	2003	2004	2005	2006
Brunei	2,930	3,330	3,440	4,030	4,330	3,980	4,010	3,950
Cambodia	1,380	1,370	1,750	1,990	2,080	2,790	3,290	4,260
Indonesia	106,050	118,970	124,720	120,990	124,960	119,630	120,720	120,860
Laos	820	1,030	930	890	890	960	900	1,180
Malaysia	184,690	201,750	199,470	209,220	207,070	227,210	229,100	214,760
Myanmar	1,490	1,420	1,530	1,330	1,420	1,700	2,200	3,070
Philippines	47,160	46,920	39,530	38,050	37,810	43,950	49,000	55,910
Singapore	216,580	229,500	221,470	209,880	193,730	202,730	208,440	185,700
Thailand	59,060	68,920	72,750	77,880	71,050	79,910	75,700	73,880
Timor-Leste	---	3,020	1,310	1,070	1,290	1,190	1,300	1,660
Vietnam	11,770	11,870	12,890	13,950	15,290	18,650	21,810	27,400
Bansa	2007	2008	2009	2010	2011	2012	2013	2014
Brunei	4,500	4,860	4,570	4,620	4,810	4,490	4,690	4,810
Cambodia	4,990	5,670	7,160	6,860	7,060	7,510	7,570	8,140
Indonesia	127,630	134,620	152,810	166,340	183,210	191,520	195,060	200,040
Laos	1,520	1,720	1,920	2,040	1,910	1,880	2,140	2,180
Malaysia	226,530	246,210	296,260	324,360	329,690	356,410	394,860	451,070
Myanmar	4,580	5,530	6,760	5,610	6,190	7,450	9,470	10,150
Philippines	65,550	77,750	80,890	86,400	97,760	108,960	118,920	124,830
Singapore	191,700	193,690	199,270	214,410	214,140	236,120	267,640	294,210
Thailand	80,330	77,660	80,200	82,680	84,150	83,660	89,040	87,450
Timor-Leste	1,620	2,040	1,770	2,010	2,310	2,710	2,790	2,930
Vietnam	36,930	48,510	54,750	56,260	55,600	63,120	70,550	77,360
Bansa	2015	2016	2017	2018	2019	2020	2021	2022
Brunei	4,810	5,220	5,340	5,800	5,900	1,070	120	700
Cambodia	9,780	12,490	14,060	17,610	20,860	5,260	890	4,570
Indonesia	202,490	225,190	240,650	260,410	275,760	53,100	5,330	36,730
Laos	2,280	2,660	2,650	3,090	3,170	800	60	590
Malaysia	473,070	538,270	539,680	525,840	514,140	83,080	6,060	38,850
Myanmar	10,420	11,820	12,220	13,920	15,190	4,050	720	2,520
Philippines	142,420	163,260	184,390	210,440	232,430	48,380	10,410	34,390
Singapore	312,490	351,610	346,570	350,810	366,250	48,640	10,110	91,340
Thailand	89,850	102,880	106,300	109,670	114,070	19,990	2,570	21,900
Timor-Leste	2,710	2,740	3,220	4,020	4,780	1,050	130	1,860
Vietnam	87,020	103,460	131,370	151,940	168,840	48,240	5,910	34,700

* Isinaayos ng may-akda –ang mga datos ay mula sa Overseas Arrivals and Departures, Australia (Total Arrivals by Country of Citizenship, January 1991 to June 2022). Inilabas ng Australia of Bureau of Statistics noong Hulyo 12, 2022 (ABS 2022). Kasama sa bilang ang mga turistang pumasok bilang *permanent*, *short-term trip*, at *long-term trip*. Ang datos ng taong 2022 ay hanggang Hunyo 2022 lamang at patuloy itong madaragdagan sa pagtatapos ng Disyembre 2022 (makikita rin ang talahayan na ito sa Tugano 2023).

Ang mga Pilipino sa Australia, New South Wales, at Greater Sydney

Sumusukat ng 7,617,930 kilometro kuwadrado ang lupain ng Commonwealth of Australia. Binubuo ito ng pitong estado at teritoryo – Queensland (1,851,736 kilometro kuwadrado) na ang kabisera ay Brisbane; South Australia (1,044,353 kilometro kuwadrado) (Adelaide); Tasmania (90,758 kilometro kuwadrado) (Hobart); Victoria (237,657 kilometro kuwadrado) (Melbourne); Western Australia (2,642,753 kilometro kuwadrado) (Perth); Northern Territory (1,419,630 kilometro kuwadrado) (Darwin); at New South Wales (NSW) (809,952 kilometro kuwadrado) na ang kabisera ay Sydney na sumusukat naman ng 12,000 kilometro kuwadrado (Victoria 2015). Nasa loob ng NSW ang Australian National Territory (ANT) na ang kabisera ay Canberra.

Ang Greater Sydney ay nahahanggahan ng Wyong at Gosford sa hilaga; Royal National Park at mga dalampasigan gaya ng Cronulla, Bundeena, at Burraneer sa timog; Blue Mountains (Katoomba), Hawkesbury, at Wollondilly sa kanluran; at Karagatang Pasipiko sa silangang bahagi. Samantala, binubuo naman ng 31 na bayan at lungsod ang Greater Sydney: Bayside, Bankstown, Blacktown, Burwood, Camden, Campbelltown, Canada Bay, Cumberland, Fairfield, Georges River, Hawkesbury, The Hills, Hornsby, Hunter's Hill, Inner West, Kuringgai, Lane Cove, Liverpool, Mosman, North Sydney, Northern Beaches, Parramatta, Penrith, Randwick, Ryde, Strathfield, Sutherland, Sydney, Waverley, Willoughby, at Woollahra (COS 2018).

Malawak ang lupain ng NSW at halos narito ang sentro ng komersiyo, komunikasyon, at transportasyon (sa loob at labas ng bansa), kaya't ito rin ang isa sa matataong estado ng Australia. Mapapansin sa inalabas na sensus ng Australian Bureau of Statistics noong 2001, 2006, at 2011 (tingnan ang Hanayan 2), makikita ang ilang *population trend* nito. Ayon kay Victoria (2015), noong 2001, kalahati ng mga Pilipino ay naninirahan at lumaki sa NSW at inter-migrasyon sa ibang bayan at lungsod ay nasa Blacktown na pinakamalaking konsentrasyon ng mga Pilipino; at mayoryang bilang ay kababaihan (Victoria 2015). Bilang updeyt, noong 2016, pumalo ng 232,384 ang bilang ng mga Pilipino sa Australia, 89,985 ay mga lalaki at 142,399 naman ang mga babae. Sa partikularidad, 30,835 sa Western Australia; 5,914 sa Northern Territory; 39,661 sa Queensland; 12,465 sa South Australia; 51,290 sa Victoria; at 1,616 sa Tasmania (AGDHA 2016). Samantala, 86,748 sa NSW at 75,473 sa Greater Sydney (ABS 2016).

Ayon kay Masinag (2020), noong 2020, pumalo naman ng 310,000 ang populasyon ng mga Pilipino sa buong Australia at ika-limang malalaking migranteng etnisidad sa bansa, sumunod sa England, India, Tsina, at New Zealand. Ang paglaki ng populasyon ng mga Pilipino sa NSW o sa buong Australia ay isang indikasyon kung bakit may nabuo nang konsentrasyon ng mga Pilipino (i.e. Blacktown at Parramatta) na halos tumapat sa konsentrasyon ng mga Vietnamese at Tsino sa Cabramatta. Gayundin noong 1996, itinuring din bilang konsentrasyon ng mga Pilipino ang Ashfield, Auburn, Burwood, Holroyd, at Penrith (Jupp 1988). Higit pa rito, ang pagsilang ng mga espasyong Pilipino gaya ng pamilihan, restawran, at iba pa, kung saan madalas na nakikitang nagtatagpo,

Pagsasaespasyo at Pagpopook sa mga Pagkaing Pilipino
sa New South Wales, Australia

namimili, at kumakain ang mga Pilipino. Kaya't sa susunod na bahagi, tatalakayin sa papel na ito ang nasabing kasaysayan at kalinangan.

HANAYAN 2

Populasyon ng mga Pilipino sa buong Australia,
New South Wales, at Greater Sydney (2001-2011)*

Lugar	Etnisidad			Ipinanganak sa Pilipinas		
	2001	2006	2011	2001	2006	2011
Australia (AU)	129,821	160,375	224,732	103,942	120,540	171,234
New South Wales (NSW)	63,995	73,366	93,845	52,241	57,628	70,302
% AU/NSW	49.29	46.99	41.76	50.26	47.81	41.06
Greater Sydney	57,344	67,454	83,451	47,090	51,995	62,716
% Greater Sydney/NSW	89.61	89.5	88.9	90.14	90.22	88.45
NEW SOUTH WALES						
Bathurst	80	116	163	61	87	106
Broken Hill	53	51	78	42	37	56
Coffs Harbour	182	234	298	145	175	227
Dubbo	107	107	167	73	92	154
Lake Macquarie	430	526	709	330	387	477
Lismore	44	46	77	25	33	43
Newcastle	609	709	917	477	479	655
Orange	134	140	201	98	106	169
Shellharbour	278	310	387	197	192	247
Temora	9	12	23	6	6	22
Wagga Wagga	127	159	221	88	94	163
Wollongong	533	529	616	420	371	434
GREATER SYDNEY						
Ashfield	577	616	664	502	506	570
Bankstown	1,129	1,362	1,699	963	1,038	1,278
Baulkham Hills	1,415	2,173	2,343	1,162	1,647	1,692
Blacktown	17,061	20,854	25,930	13,644	16,102	19,381
Campbelltown	3,236	4,113	4,933	2,607	3,058	3,598
Canterbury	1,991	1,822	2,079	1,632	1,488	1,638
Fairfield	2,564	2,550	2,739	2,122	1,972	2,062
Gosford	670	755	948	512	539	651
Hornsby	767	1,046	1,293	665	860	1,036
Kogarah	177	238	348	152	185	288
Parramatta	6,250	6,646	8,456	5,203	5,304	6,487
Penrith	1,343	1,659	1,986	1,048	1,165	1,340
Ryde	1,313	1,352	1,881	1,114	1,129	1,546
Sydney	808	1,181	1,890	734	950	1,439

* Pasasalamat ng may-akda kay Prop. Ferdinand Philip Victoria sa pagpapahintulot noong Agosto 11, 2022 na maisipi ang kaniyang kinumpung datos. Ayon kay Victoria, ang tinutukoy na “etnisidad” ay etnisidad ng mga magulang o pagturing sa sarili (*cf.* din Torres D’Mello 2003). Ipinakita ng hanayan ang detalyadong bilang ng “etnisidad” at “ipinanganak sa Pilipinas” mula sa mga lugar ng New South Wales at piling bayan at lungsod ng Greater Sydney (ABS 2013a; ABS 2013b, sipi sa Victoria 2015).

Pagtalakay sa ilang Espasyo ng Pagkaing Pilipino sa New South Wales, Australia

Maitataya noong 1991 unang detalyadong naitala ng Australian Bureau of Statistics ang kongkretong presensiya ng mga Pilipino sa Australia, bagaman nasa antas ng turismo (*cf.* Hanayan 1). Sa parehong dekada, maglalabas naman sila ng ilang datos hinggil sa produkto at pagkaing namagitan sa Pilipinas at Australia. Noong 1996, nakapag-export ang Australia ng mga prinosesong pagkain sa Pilipinas katulad ng gatas, itlog, cereals, karne, asukal, mga hayop, animal feeds, gulay, kakaw, inumin, prutas, confectionary, pulot, pampalasa, at kape (Lockie 2003). Pumalo ito ng 318 milyong dolyar (USD) ngunit bababa ng 266 milyon noong 2002 (Lockie 2003). Dulot ito ng umuunlad na ring produksiyon ng pagkain sa Pilipinas. Gayumpaman, gatas pa rin ang pinakamalaking produktong export ng Pilipinas sa Australia. Malaki ang kaugnayan ng mga Pilipino sa industriyang ito. Noon pang 1827 hanggang 1831, nakasalalay ang industriya ng Australia sa harina, trigo, at gatas (Aussie Towns w.tn.) kaya't dadagsain ng mga migranteng Pilipino ang trabahong ito –una sa lungsod ng Campbelltown. Noong 1880, nakakarating na sa Maynila at ibang bahagi ng Pilipinas ang produktong gatas na prinoprodyus sa malawak na gatasan ng Australia (Philippine Embassy 2012). Sinang-ayunan ito ni Christie (2012), na isa ang mga Pilipino sa mga migranteng nagtrabaho sa industriya at pabrika ng gatas at keso.

Upang mapalawak ang usapin ng espasyo ng pagkaing Pilipino sa NSW, hiniram ang haing depinisyon ni Navarro (2015a) hinggil sa *kalutong bayan*, na gaya ng nabanggit saklaw nito ang proseso ng paglilinang, pagproprodyus, pagproproseso, pag-iimbak, paghahanda o pagluluto, o pagdidistribyut at pagkokonsumo. Mula sa pagsasayapak sa ganitong konsepto, susubukan ng pag-aaral na ito na matugunan ang *kalutong bayan* na namagitan sa Pilipinas at Australia. Ang paglilinang, paghahanda, at pagluluto ay isesentro sa *kalutong bayan* na nasa *loob* ng tahananang Pilipino. Samantala, ang pagproprodyus, pagdidistribyut, at pagkokonsumo ay higit na itinuo sa mga pampublikong espasyo (*labas*).

Paglilinang, Paghahanda, at Pagluluto

Ipinaliwanag noon ni Torres-D'Mello (2003) ang *Australianization* o pagharap ng mga batang ipinanganak ng mga Pilipinong magulang sa Australia at ngayon ay dumaraan sa transnasyonalismo. Liban sa antas ng edukasyon, higit sa lahat ng wika at kaugalian, mahalaga ring makita ang kultural na aspekto ng paghahanda at pagluluto ng pagkain. Sa isinagawang pag-aaral ni Guillermo-Yu (2014), binanggit niyang natututuhan ng karamihan sa mga batang *Filo*=Pilipino (Torres-D'Mello 2003) ang pagkaing Pilipino mula sa kanilang mga pamilya lalo na sa mga nakatatandang kasapi katulad ng mga lola. Sa respondent ni Guillermo-Yu, may ilang kabataang *Filo* ang natuto ng pagkaing katulad ng yema, leche flan, taho, buko, sabin-sabin, puto bumbong, adobo, picadillo, caldereta, longganisa, tocino, sinangag, munggo, afritada, lugaw, sisig, dinuguan, at iba pa.

Sinalungguhitan ni Guillermo-Yu ang sinasabi ni Fernandez (1988) na hindi kinakailangang maging “purong Pilipino” ang paraan ng pagluluto ng pagkaing Pilipino. Higit itong nakaugat sa tinatawag na *ingesting culture behind food* at nagsasabing nagiging “Pilipino” ang isang “pagkaing Pilipino” hindi dahil sa pinagmulan nito kundi sa kaniyang destinasyon (Fernandez 1988 kay Guillermo-Yu 2014). Halimbawa, sa aking naging paglalakbay sa Australia noong 2016 at 2020, marami akong napuntahan at pinakisahang pamilyang Pilipino. Nakadalo minsan ng mga salu-salo o handaan sa Hornsby, Oatley, Campbelltown, Gregory Hills sa Camden, Cronulla, at Wyong. Sa mga llokanong pamilya sa Oatley, hindi nawala ang pakbet, dinengdeng, at poqui-poqui. Natitikman din ito kadalasan ng mga Australyano at ibang etnisidad na kaibigan ng mga Pilipino. Sa maraming pagkakataon, pinagsasaluhan ng mga Pilipino ang “pagkaing Pilipino” sa iba’t ibang okasyon katulad ng Pasko, Bagong Taon, Araw ng mga Puso, at ang inaangkin nilang *Australian Day* tuwing sasapit ang Enero 26. Higit na kilala ng mga Pilipino ang *electric park barbecues* na libreng nagagamit kadalasan sa mga parke, tabing-dagat, at *reserve*. Isa itong de-pindot na ihawan na ginagamit at lilinisang pagkatapos gamitin. Kadalasang nagdadala na lamang ang mga Pilipino ng iihawing karne ng baboy, manok, at baka. Kaya naman magkaiba ang kultura ng pag-iihaw ng mga Pilipino sa Australia kung ihahambing sa Pilipinas na gumagamit ng de-uling at makikitang umuusok ang bawat kabahayan.

Natutuhan ng ikalawang henerasyon ng kabataang Pilipino-Australyano ang pagtangkilik sa mga pagkaing Pilipino dahil sa mga nakatatandang kasapi ng pamilya. Naituro halimbawa ni Lola Saling (2020) sa kaniyang apong Pilipino-Australyano ang pagkain ng dinuguan (o dinardaraan sa mga llokano, *cf.* Quinto-Bailon 2023). Para sa ilang Australyano, isang “kadiri” at “maruming” pagkain ang dugo ngunit patuloy pa rin itong dinala ng panlasang Pilipino sa Australia. Ayon kay Lola Saling:

Mga 1980 hanggang 1990, madalas akong bumibisita dito sa Hornsby, para makilala ng mga apo ko ang pagkaing Pilipino. Nagluluto ako ng gata at dinuguan. Siyempre, sa pagluluto ng dinuguan hinahaluhan mo ng suka, halo-halo muna. Eh, nagkataong nahuli ako ng apo ko at tinanong ako, *Mama what’s that?* Siyempre nataranta ako, sabi ko tuloy *Chocolate, Filipino Chocolate*, kasi hindi sila kakain kapag alam niyang blood iyon. Bata pa siyempre, kaya madaling utuin. Sarap na sarap ang apo ko sa dinuguan. Hanggang ngayong may asawa na siya, hindi ko alam kung alam niyang blood ang dinuguan (Lola Saling 2020).

Dagdag pa niya, may kahirapan ang paghahanap ng dugo ng baboy noong mga dekada 1980 hanggang 1990. Aniya:

Wala yan dito noon, tinatapon iyan. ‘Yang mga isaw-isaw, bituka na yan, ulo ng manok, paa, tinatapon nila yan dito. Pero siyempre, dumating na unti-unti ang mga Asian, gaya nating mga Pilipino na lahat yata kinakain, so doon nagsimulang maibenta na iyan. Makakakita ka niyan sa Blacktown, Cabramatta, at pati ngayon ‘yung ulo ng pink salmon binebenta na ngayon, noon hindi naman ‘yan (Lola Saling 2020).

Gayundin ang naging engkuwentro sa isang Pilipina-Australyano sa Cronulla na nakapangasawa ng purong Australyano. Natutuhan niya mula sa kaniyang Pilipinong ina ang pagluluto ng sinangag, adobo, at daing na bangus. Kung minsan, nagugustuhan ng asawang Australyano ang pagkaing Pilipino katulad ng sinigang, adobo, at ginisang gulay. Samantala, katulad ng ilan, lubos nilang inaayawan ang mga “di-pangkaraniwang” pagkain para sa kanila katulad ng lamang-loob, alamang, bagoong, at buro.

Sa kabilang banda, may mga pagkaing Australyano ring natutuhan ang mga Pilipino na kanilang inangkin bilang sarili. Ganito ang ipinaliwanag nina Joseph Alan (2022) at Reonell Luz (2022) sa aming naging usapan. Si Alan, 53 taong gulang, ay nakatira sa Fairfield, Sydney at 38 taon nang residente ng Australia. Sa tagal ng kaniyang pamamalagi sa Australia patuloy pa rin niyang binibili, niluluto, at kinakain ang mga tradisyonal na Pilipinong pagkain gaya ng adobo, pinakbet, dinuguan, kaldereta, at sisig. Gayundin si Luz ng Liverpool, 56 taong gulang at 20 taon nang residente ng Australia. Patuloy niyang tinatangkilik at ipinapakilala sa ibang etnisidad ang pagkain ng dinuguan, chopsuey, ensaymada, Spanish bread, pansit, menudo, bibingka, arrozcaldo, inihaw na baboy, lechon, sisig, at munggo (Luz 2022). Ngunit, marami rin silang natutuhang kainin na hindi karaniwan sa Pilipinas. Ayon sa dalawa:

Sa Australia ako nakakain ng asparagus, lettuce, vegemite, beetroot, cucumber. Multicultural ang Australia, nasubukan ko rin ang kakanin ng mga Greek, Italians, Yugoslavian, Indian, Chinese, Thai, Vietnamese, Lebanese. Halos meron ding pagkakatulad ang Chinese, Thai, at Vietnamese food sa Pilipino (Alan 2022).

Fish and chips, lamb chops, beef stews, kangaroo steak, salmon, at oyster (Luz 2022).

Katulad nina Alan at Luz, bagaman maikli ang aking pananatili sa Australia, may ilan din akong pagkaing Australyano na natikman. Halimbawa ang *jambong fish* na maihalalintulad sa mga *daing* ng Pilipino; ang mga isdang barramundi (*Lates calcalifer*) at

bonito (*Sarda sarda*), na karaniwang hinuhuli sa dalampasigan ng lungsod; beff stroganoff o ginisang baka na hinahalian ng smetana at mustard; at tampok na panghimagas – Arnott’s Tim Tams na itinuturing bilang pinakapaboritong biscuit ng ilang mga Australyano.

Umiiral din sa hapag ng mga Pilipinong nasa Australia ang pagkaing pamalit o *substitute food*. Hiniram mula kay Holmes (1973) ang dalawang uri ng *substitute food* – ang sintetikong pagkain o mga pagkaing ginawa mula sa mga materyales na hindi karaniwang itinuturing na pagkain at ang “binagong pagkain” o minodify na pagkain (*modified food*) na tinanggap bilang pamalit. Bagaman, siyentipiko ang pagpapaliwanag dito ni Holmes, maaari pa rin itong hiram sa kultural na aspekto. Isang halimbawa ng *modified food* ang alternatibong sangkap ng isang putahe sa kadahilanang hindi ito matatagpuan sa isang lugar. Halimbawa, ayon sa aking amang na-istranded nang dalawang taon sa NSW dahil sa pandemya at nakasagap ng kulturang “Pinilipino,” karaniwan pa rin doon ang pagkain ng ginisang munggo. Ngunit may kaibahan ang putaheng ito sa Pilipinas at Australia. Aniya:

Marami na ring Filipino store sa Sydney, pero hindi lahat ng makikita sa Pilipinas ay naroon. Halimbawa, kapag kami ay nagluluto ng munggo, mas masarap sana ito kung mayroong dahon ng ampalaya. Pero wala kang makikita doon. ‘Yung ampalaya na bunga sobrang laki pa, parang upo sa atin. **Ginagamit naming alternatibo sa dahon ng ampalaya yung *watercress (Nasturtium officinale)***, mapait ito, 2.50 AUD ang halaga sa Woolworths. Bihira ka lang kasi makakita ng mga dahon-dahon dito, wala nga minsang saluyot, minsan frozen pa, hindi naman masarap kapag frozen, hindi sariwa (Tugano 2022⁴).

Pagdating sa isda, hinalintulad din niya ang kaibahan nito sa Pilipinas. Bagaman may bangus sa Australia, aniya, may kalansahan ito. Karaniwang nagmumula ang bangus sa Indonesia at malayo sa lasa ng bangus Dagupan na maliit at manamis-namis. Makikita rin ang pagkain sa mga karne ng Kangaroo. Tinatayang mas marami pa ang populasyon ng hayop na ito (500 milyon) kompara sa mamamayan ng bansa. Noon pang dantaon 19, itinuring ang kangaroo bilang mas mababang kalidad ng karne kompara sa baka at tupa (Hercocock at Tonts 2004). Kung minsan, itinuturing din silang mga peste at malao’y ginawang karneng kakainin lalo pa noong taggutom sa rural na bahagi ng Australia noong 2002 hanggang 2003 (Hercocock at Tonts 2004). Sa ilalim ng Biodiversity Conservation Act of 2016, protektado at mahigpit na ipinagbabawal ang pagpatay sa mga kangaroo, wallaroo, at wallabies (NSW w.tn.). Ngunit dahil sa kanilang lumolobong bilang, na nagiging peste

4 Ang ganitong paglalagay ng alternatibong sangkap sa pagkain ay personal ko ring nasaksihan sa Madrid, Spain noong Disyembre 2018. Kasama si Mark Joseph Santos, tumungo kami sa Madrid galing Portugal at tumuloy sa isang kamag-anak na OFW na si Rowena Martinez. Nilutuan kami ni Rowena ng sinigang na baboy. Sa halip na kangkong ang inilagay, ipinanghalili niya ang spinach. Bibi-hirang makarating sa Europa ang mga gulay at dahong katulad ng kangkong.

na kung minsan, pinapayagan na rin ang pamamaril (*kangaroo culling*) ngunit nakasunod pa rin sa panuntunan. Para kay Alan (2022), isang *recreational hobby* ang pamamaril ng Kangaroo. Liban sa kinakailangang lisensiya ng pamamaril, ipinag-uutos ng pamahalaan na barilin ito hangga't maaari sa ulo upang maibsan ang paghihirap at mabagal na proseso ng kamatayan. Gayundin ang mga inakay (*Joey*), na ipinag-uutos ding patayin o barilin sa oras na mamatay ang inahin sa halip na mamatay sa kagutuman (Sosnowski 2013).

Sinasabing ang karne ng Kangaroo ay methane-free at mababa ang kolesterol at taba (Woodgate 2017) ngunit para sa ilang Pilipino, malansa raw ito at malayo sa lasa ng tipikal na karne sa Pilipinas. Sina Alan at Luz ay ilan sa mga Pilipinong namamaril ng Kangaroo sa Australia. Bukod sa libangan, kumakain halimbawa si Luz ng Kangaroo Steak (Luz 2022). Bukod sa steak at pag-iihaw, ang karne ng Kangaroo ay inihahalo sa pizza, salad, ginagawang palaman sa burger o tinapay, at binababad sa alak (Smith 2017).

Pagprodyus, Pagdidistribuyut, at Pagkokonsumo

Mahalaga ang naging pagtatala ng *Filipino Food Movement* (w.tn.) nang isa-isahin ang mga espasyong Pilipino kung saan makikitang kumakain, bumibili, at/o namimili ang mga Pilipino. Sa kabuoan, mayroong 175 na establisyimento ang mga Pilipino na naglilingkod sa pagtatampok ng mga kalutong bayan – 11 (Western Australia); 3 (Australian Capital Territory); 27 (Queensland); 1 (Tasmania); 8 (South Australia); 31 (Victoria); at 94 (New South Wales) (FFM w.tn.). Tatlong uri ng paglilingkod-pagkain ang mapapansin sa NSW – (1) nakatayong mga tindahan at restawran na tinatayang nasa 57; (2) *food trucks and stalls* na nasa 14; at (3) *catering services* na nasa 23 (FFM w.tn.). Gayumpaman, mula sa inilistang mga tindahan, restawran, kainan, at iba pa ng *Filipino Food Movement*, ipinangkat ko ang lahat ng ito batay sa lungsod at bayan (tingnan ang Hanayan 3). Kaya naman sa kabuoan, may espasyong pagkaing Pilipino sa 21 lugar – Bayside, Blacktown, Bankstown, Campbelltown, Central Coast, Coff Harbour, Cumberland, Fairfield, Georges River, Inner West, Lismore, Liverpool, Newcastle, North Sydney, Northern Beaches, Parramatta, Penrith, Ryde, Sydney, Willoughby, at Wollongong. Pinakamarami ang nasa Blacktown, lalo pa at sa ngayon, ito ang pinakamalaking konsentrasyon ng mga Pilipino sa NSW. Kalat-kalat ang mga pagkaing Pilipino sa Blacktown partikular na sa mga suburb katulad ng Rooty Hill, Marsden Park, Doonside, Mount Druitt, Parklea, Colebee, Eastern Creek, Marayong, Prospect, at Seven Hills.

HANAYAN 3

Mga Espasyo ng Pagkaing Pilipino sa New South Wales

Bayside	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Inigo's Kitchen - 441 Forest Rd, Bexley ▪ Kapamilya Grocery & Eatery - 28 Walz Street, Rockdale ▪ Mentmore & Morley - 13/55 Mentmore Ave Rosebery ▪ Tahoe Made with Love - 10 Anderson St, Banksmeadow ▪ The Thorny Fruit Co - Rosebery
Blacktown	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Angel's Filipino Barbeque - 122 Main St. ▪ Team's Kitchen - 4/52 Rooty Hill Road North Rooty Hill ▪ Burger Point - Shop 24/9 Hollinsworth Rd Marsden Park ▪ Cucina de Manila - 28-30 Rooty Hill Rd S, Rooty Hill ▪ D Town Café - 5/22 Graham St. Doonside ▪ Fiesta Avenue - 18 Main St. Blacktown ▪ Filo Lasa - Parklea Markets ▪ Kamayan Food Plus 55 - Rooty Hill Road North, Rooty Hill ▪ Lava Bistro & Grill - 2 Artillery Crescent Seven Hills ▪ Mabuhay Filipino Cuisine - 1/137-139 Stephen St Blacktown ▪ Mama Lor Restaurant & Bakery - Shop 5 45/39 Rooty Hill Rd. ▪ Manila Food - 20 Main St Blacktown ▪ Mate Burger - 1B Mount Druitt Road Mount Druitt ▪ Meken Food - 24 Main St Blacktown ▪ Melchrishel Bakery- 23 Rooty Hill Rd N, Rooty Hill ▪ Mix n Match Bakehouse - Shop 1/5 Hill End Road Doonside ▪ Mix n Match Bakehouse Restaurant - 1 Hill End Rd, Doonside ▪ Pinoy Kitchen - 4A Hill End Rd Doonside ▪ Pinoy Stop - 18 Hill End Rd Doonside ▪ Potato Corner - Shop 1023/17 Patrick St Blacktown ▪ Starlight Bakery - 15 Hill End Road Doonside ▪ Bar-B-Skew - 23B Lalor Rd, Quakers Hill ▪ Diegos Donuts -10-14 Market Lane, Rouse Hill ▪ Flaming Q - 60 Sunnyholt Rd, Parklea ▪ Joella Golden Delight - 33 Cricketers Arms Rd, Prospect ▪ Kalye Food - Alderton Drive and Sandlewood Crescent, Colebee ▪ Mate Burger Truck - 1 Mount Druitt Road, Mount Druitt ▪ Mix Mix Co. - 601 Sunnyholt Rd, Parklea ▪ Hanmade Desserts - 159 Rooty Hill Rd S, Eastern Creek ▪ Jaz Desserts - 6 Rooty Hill Rd N, Rooty Hill ▪ Mrs Ube Cakes - 1/44 Railway Rd, Marayong
Bankstown	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Mx Filoz Asian Store - 345 Burwood Road Belmore
Campbelltown	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Kapamilya Asian Groceries - 11 Patrick St. ▪ Pinoy Grill N Chill - 3a/3 Oxford Rd, Ingleburn ▪ Mummy Indays Catering - 8 Ambrosia St, Macquarie Fields
Central Coast	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Jimalie Coconut Products - 29 Kerta Road Kincumber

Coffs Harbour	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Pig and Khai - Shop 5/81 Pacific Hwy, Coffs Harbour
Cumberland	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Filoz Asia Mini Mart - 7/215 McFarlane St, Merrylands ▪ Sizzling Fillo Restaurant - 36 Railway St Lidcombe ▪ Kaye's Kitchen - Lidcombe
Fairfield	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Auntie Lo's Kitchen - 45 The Crescent, Fairfield
Georges River	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Carinderia Filipino - Shop 2/13 Belgrave St. Kogarah ▪ Filipino Fiesta - 474 Railway Parade, Allawah ▪ Panlasang Pinoy - 26 Regent Street, Kogarah
Inner West	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Kapamilya Marrickville Eatery and Grocery - 211 Marrickville ▪ Lazza Resto Bar - 246 Marrickville Road, Marrickville ▪ Masagana Oriental Variety Store - 13 Charlotte St, Ashfield ▪ Mr. Wong Oriental Store - Shop 1, 34 Hercules Street, Ashfield ▪ Pasalubong Oriental FoodMart & FoodBar-Botany Rd., Mascot ▪ Porky Chick - 35 Perry St, Lilyfield ▪ Sammer's Patisserie - Croydon
Lismore	<ul style="list-style-type: none"> ▪ BooCo Eatery - 75 Keen St.
Liverpool	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Bay Predo's Lechon Cebu - 11/1 Sappho Rd, Warwick Farm ▪ Filipiniana Food Mart - Shop 5, 200 George Street
Newcastle	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Mini Pinoy Grill - 48 Watt St Newcastle
North Sydney	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Pasalubongs Filipino Soul Food - 65 Willoughby, Crows Nest ▪ Ice Kendy Australia – North Sydney
Nthn. Beaches	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Berry & Co - 5/33 Oaks Ave, Dee Why
Parramatta	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Burger Point - Marina Square, Wentworth Point ▪ Chowking Oriental Foodmart - Shop 1/118 Church St ▪ Kasalo Grocery and Eatery - 42 Railway Parade Granville ▪ Tata Rods Pork Belly - Carlington ▪ Carinderie - 31 Model Farms Rd, Winston Hills ▪ Hapag sa Sydney - North Parramatta ▪ Ulcings Cebu Lechon - 4 New North Rocks Road, North Rocks
Penrith	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Cuzine - 123 Mulgoa Rd, Penrith ▪ Swirl Deli Sans Rival - 18 Shepherd St, Colyton ▪ Auntie Marys Ice Cream – 24 Saint Marys
Ryde	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Manila Mart Grocery and Eatery- 23 Ryedale Rd, West Ryde ▪ Manila St - 23 Ryedale Rd. West Ryde
Sydney	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Descanso - 1/197 Glebe Point Rd, Glebe ▪ Donut Papi - 34A Redfern St., Redfern ▪ General Charlie Café - 10-12 Clarke Street, Crows Nest ▪ Paddock on Crown - 509 Crown St Surry Hills ▪ Reys Jnr - Darling Square ▪ Rey's Place - 63 Crown St, Darlinghurst ▪ Sydney Cebu Lechon - Shop 4, 80 Enmore Road Newtown ▪ The Filo Kitchen - Sydney CBD ▪ Firebox BBQ – Greater Sydney Area ▪ Maldita - Sydney ▪ Rekado Sydney - Sydney

Pagsasaespasyo at Pagpopook sa mga Pagkaing Pilipino
sa New South Wales, Australia

Willoughby	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Kleinne Avree Café Shop - 1/815 Pacific Hwy, Chatswood ▪ Manila Sari Sari Store - 427-441 Victoria Ave Chatswood ▪ Pamana Filipino Restaurant - 1 Epica Building, Chatswood ▪ Pilyo Sydney Manila – Chatswood
Wollongong	<ul style="list-style-type: none"> ▪ RMJ Kabayan - 1/4 Auburn St Wollongong

(FFM w.tn.)

Sa kabila ng dumaraming bilang ng mga espasyong Pilipino sa pagkain, may ilang suliranin ang dapat makita rito. Katulad halimbawa ng presyo, kalidad, at kinalalagyang lugar. Ayon kay Luz:

Mostly ang Filipino foods sa NSW ay hindi pa gaano marketable pero ‘pag natikman ng ibang nation, nasasarapan sila. Need nila ng publicity. Problem sa ibang pinoy restaurants mahal, kaunti pa ang servings hindi katulad ng Chinese restaurants masarap at malaki pa ang servings. Pinagmamalaki ko Pinoy food restaurant natin. I buy and let other people taste our products kaya i-promote ko. Maliit lang kasi restaurants natin medyo nasa sulok pa (Luz 2022).

Hindi rin mapasusubalian ang mataas na presyo ng ilang pagkaing Pilipino. Ngunit, kailangang ikonsidera ang usapin ng pagluluwas at pag-aangkat ng produkto sa loob at labas ng Australia. Halimbawa, karamihan sa mga pagkaing Pilipino sa NSW ay nakasalalay sa baboy bilang putahe at rekado. Malaki ang implikasyon ng pagtaas o pagbaba ng halaga batay sa galaw ng pandaigdigang merkado. Nang ako ay nasa Australia noong Marso 2020, naramdaman sa pamilihan ang biglaang pagtaas ng karne ng baboy. Ang 2.50 dolyar kada kilo ay tumaas hanggang 4 na dolyar, dulot ng lumalalang Swine Flu sa Aprika at Tsina (PPC 2020). Nitong mga nakaraang dekada, pinahintulutan ng pamahalaan ng Australia na magpapasok ng mga karneng baboy mula sa Asya bilang bahagi ng *import liberalization* na siyang inapela kinalaunan ng mga domestikong manupaktyurer. Isinisisi ng ilang Australyanong magbababoy sa *import liberalization* ang pagbaba ng kita mula sa industriyang ito (Popat et al. 2017). Sa Timog Silangang Asya, isa ang Pilipinas sa tatlong bansang nagpapadala ng karneng baboy sa Australia (APL 2008). Kung kaya epektong domino ang pagtaas ng presyo ng anomang pagkaing may kaugnayan sa baboy. Sa tuwing naaantala ang pagpasok ng karne sa Australia mula sa Pilipinas o sa ibang bansa, mapaparalisa ang produksiyon ngunit mataas pa rin ang konsumpsiyon.

Ganito rin ang naging obserbasyon ni Alan (2022) na nagsabing mas malakas minsan ang bentahan ng mga pagkaing Tsino at Thai. Gayumpaman, patuloy pa ring nakikipagsabayan ang espasyo ng pagkaing Pilipino sa Australia lalo na sa konsentrasyon nito:

Dumarami na rin ang Pilipinong tindahan at masasarap na rin, lalo na ang mga fusion ng Filipino/European food. Sa Blacktown area, ang high concentration ng mga Pilipino, dito rin ang mga unang Pilipinong tindahan na nagbukas. Maraming mini-groceries na malapit sa train station, mga family restaurant na laging pinupuntahan. Itinuturing ng karamihan na Pilipinong pagkain ay traditional lalo na kung may occasion. As commercial, mas marami at madalas

karamihan dayuhin ang mga Thai & Chinese restaurant ng iba't ibang lahi (Alan 2022).

Hindi rin naman naging negatibo ang epekto ng tla-kompetisyong namagitan sa mga tindahang Pilipino at ibang Asyanong negosyo. Kung tutuosin, nakatulong pa nga ito sa mga Pilipino upang matugunan ang ilang pangangailangan. Ayon pa rin kay Alan:

Noong bagong dating namin dito, mahirap maghanap ng mga Pilipinong sangkap at pagkain. Ngayon madali, dahil sa mga iba't ibang Asian groceries (Alan 2022).

Sa ginawang pagsusuruy-suroy at pagmamasid sa Blacktown noong 2020, nakapagtala ako ng ilang espasyong Pilipino na may kaugnayan sa pagprodyus – paggawa o paglilinang ng pagkain para sa publiko; pagdidistribuyt – pagbebenta o paglalako; at pagkokonsumo – pagbili ng mga konsumer sa produkto. Nakatalisod ng isang *convenience store* (Pinoy Stop); isang panaderya o *bakery* (Melchrishel Bakery); at dalawang restawran (D'Town Filipino Cuisine at Mama Lor Restaurant and Bakery).

1. Pinoy Stop

Sa Blacktown, makikita rito ang *Pinoy Stop* (tingnan ang Larawan 1) na matatagpuan sa Hill End Road, Doonside. Isa itong halimbawa ng food-grocery. Liban pa sa pagiging pamilihan, nagiging espasyo rin ito ng pagpapadala sa mga *remittances* ng mga Pilipinong manggagawang malapit dito at minsan ay naglilingkod din bilang *money changer*. Sa kanilang *Facebook page*, aktibo at araw-araw na makikitang nagpapaskil, liban sa mga putaheng pagkain, ng “Exchange Rate Today” o palitan ng Australian dollar kontra-piso (Pinoy Stop Doonside w.tn.).

LARAWAN 1

Pinoy Stop sa Doonside, Blacktown



(Kuhang larawan ng may-akda, 2020)

Maihalintulad ito sa 7/11 at Ministop ng Pilipinas sapagkat dito nabibili ang mga pangunahing pangangailangan sa kusina, banyo, at iba't ibang *accessories*. Halimbawa, makakakita rito ng mga sabon at shampoo katulad ng Sunsilks, safeguard, eskinol, at iba pa. Siyempre, hindi mawawala rito ang mga pagkain katulad ng chichirya, kendi, mga palaman, pampalasa, at mga kalutong bayan na dinarayo ng mga Pilipino katulad ng lechon paksiw, Bicol express, inihaw na liempo, inihaw na bangus, crispy sisig, siopao, munggo, dinuguan, daing na bangus, inasal na manok, igado, tokwa't baboy, isaw ng manok, at kare-kare.

Maaari rin ditong makabili ng balikbayan box ng *BM Express* na ipapadala sa Pilipinas via air at sea cargo. Sa buong NSW, kilala ang *BM Express- Jumbo Balikbayan Box*. Nagsimula ang operasyon nito noon pang 1990. Sa konteksto ng balikbayan box, maituturing ito bilang *pasalubong*. Ayon sa *BM Express: Door to Door to the Philippines, balikbayan boxes enhance the Philippine culture and tradition of strong family ties through caring and love expressed in gift-giving* (BM Express w.tn.). Ang balikbayan box na dadalhin via air cargo ay nagpapahintulot ng 20 kilogramong bigat samantalang 50-60 kilogramo naman para sa sea cargo. Lumilipad ang eroplano kada araw ng Martes mula sa Melbourne, Brisbane, at Sydney. Samantalang ang cargo vessel ay umaalis tuwing araw ng Huwebes mula sa bultuhang pagpapadala ng mga Pilipino tuwing Sabado (BM Express w.tn.). Kung dadalhin ang kahon sa Maynila nagkakahalaga ito ng 105 dolyar; 155 sa Luzon; 130 sa Kabisayaan; at 140 sa Kamindanawan.

Nag-aangkat din ang BM Express ng mga pagkain mula sa Pilipinas:

With our food import service, Filipinos in Australia have given access to their well-trusted and most-loved food brands in the Philippines. Whether it's Lola's signature Adobo or Inay's Sinigang, now every meal has a taste of home to it (BM Express w.tn.)

Ayon sa ilang Pilipinong nakakuwentuhan, tinatangkilik nila ang *Pinoy Stop* o kung hindi man, mga *convenience store* dahil dito lamang nila mabibili ang mga produktong Pilipino. Alternatibo ang mga Pilipinong tindahan sa mga naglalakihang supermarket ng bansa katulad ng Woolworths, Coles, Costco, at ALDI na bibihirang makitaan ng mga produktong Pilipino. Sa aking tinuluyan noon sa Hornsby, tampok sa nasabing suburb ang *Tonyon Supermarket* kung saan mabibili ang mga pampalasang katulad ng toyo, suka, bagoong, magic sarap, betsina, Mang Tomas, at iba pa.

2. Melchrishel Bakery


Makikitaan din ang Blacktown ng ilang panaderyang Pilipino. Matatagpuan dito ang Melchrishel Bakery (tingnan ang Larawan 2) na nasa Rooty Hill. Sa kanilang *Facebook Page*, mababasang binanggit ng nagngangalang Calvin Yeoh (2019 sa Melchrishel Bakery w.tn.), ang panaderyang ito bilang *one of Sydney's best Filipino bakery* ngunit noong 2019 diumano ay ipinagbibili na. Sa inilabas ng pahayagang *The Sydney Morning Herald* noong 2003, binanggit dito ang maikling kasaysayan ng panaderya. Maituturo sa mag-asawang

sina Serge at Jane Jumonong ang pagtatayo ng panaderya sa distrito ng Rooty Hill. Katulad ng mga tipikal na migranteng Pilipino, ang mag-asawang Jumonong ay umangkop sa Australia sa anyo ng tinatawag ni Bourdieu (1986) bilang *economic capital* o anomang materyal na ari-arian na may direktang kinalaman sa pananalapi. Katangian ng kultura ang tumugon o bumangga sa naghaharing diskurso ng banyagang bayan. Marami sa mga migranteng Pilipino ay nagsisimulang bumuo ng panibagong buhay sa ibang bansa na nakasalalay kadalasan sa pagnenegosyo. Ganito nagsimula ang Melchrishel Bakery:

The Jumonongs started their working lives not as bakers but as nurses Jane in intensive care and Serge in operating theatres. They came to Australia looking for better money and conditions. Nine years ago, they bought this cake shop from a Filipino who had christened his business after the names of his three daughters. There's a large Filipino community in the area in this shopping strip alone there are four other Filipino businesses (TSMH 2003).

LARAWAN 2

Melchrishel Bakery sa Rooty Hill, Blacktown



(Kuhang larawan ng may-akda, 2020)

Kahit na nagsimulang magtayo ng panaderya ang mga Jumonong, nagtrabaho pa rin halimbawa si Jane bilang nars. Noong 2003, tampok sa kanilang mga produkto ang *brazo de mercedes* (6 dolyar kada 350 gramo); ensaymada (2.80 dolyar kada 400 gramo); at *pan de sal* (2.50 bawat 12 piraso) (TSMH 2003). Dinarayo sila ng kabataan at mga nanay upang bumili ng bicho-bicho, long buns, cinnamon rolls, toasted sliced-bread, at pandesal (na maihalalintulad sa *ciabatta* ng mga Italyano). Kung minsan, nagtitinda rin sila ng hopia munggo at hopia baboy at ilang panghimagas katulad ng *caramel cake*, ube macapuno, coconut cupcakes ube jam, at iba pa.

Hindi malinaw, dulot ng kasalatan sa datos kung sino na ang nagmamay-ari sa panaderya. Tipikal naman talaga sa ibayong dagat ang paglilipat ng mga negosyo, na maaaring ipinagbili, ipinagkatiwala, o ipinamana. Sa ilang balitang inilabas ng Department of Foreign Affairs noong 2012, nang ganapin ang *flag-raising ceremony* sa tanggapan ng Konsulado-Heneral noong Hunyo 12, sinabing sina Prudy at Marilyn Miranda ang nagmamay-ari ng Melchrishel Bakery (DFA 2016). Nagdoneyt sila ng pandesal, ensaymada, at Spanish Bread sa mga panauhin. Gayundin ang panaderyang Benedith's Cake na pagmamay-ari nina Ben at Edith Bongat na nagdoneyt naman ng cake (DFA 2016). Isang taon makalipas nang gunitain ang ika-119 taong kalayaan ng Pilipinas, muling nagdoneyt ang Melchrishel ng mga tinapay (DFA 2017).

Gayumpaman, liban sa Melchrishel Bakery, marami pang panaderya ang dinarayo ang mga Pilipino. Sa katabi nitong Starlight Bakery sa Doonside, doon bumibili si Luz ng mga tinapay. Aniya:

Sa Starlight Bakery, masarap ang bread. Always fresh. Doon dinagdagsa ng mga Pinoy ang empanada, Spanish bread, masarap! Most Filipino sweets meron sila (Luz 2022).

Itinitinda sa ilang panaderya sa Blacktown ang mga tinapay na patok sa panlasang Pilipino katulad ng pan de sal, kutsinta, puto na may keso, kabayan, monay, at iba pa. Sa katunayan, maraming Pilipino na mula sa ibang suburb o lungsod ng NSW ang dumarayo pa sa Blacktown upang bumili ng mga pan de sal. Ayon kay Cecillia Parsons, manggagawa ng Woolworths:

Karamihan sa mga Pinoy ay dumadayo pa sa Parklea o sa Blacktown upang bumili ng pandesal. Gaya ng mga Pinoy sa Hornsby, Tuggerah medyo malayo iyon, Epping, Strathfield, dayuhin talaga itong Blacktown. Sentro na kasi ito ng mga Pilipino (Parsons 2020).

Ang *kalutong bayan* ay mababakas sa espasyo ng mga panaderya. Dinarayo ito tuwing oras ng almusal at meryenda – isang bagay na kinaugalian din ng mga tao sa Pilipinas. Ngunit ayon kay Jumonong, cake ang kadalasang inaalmusal at minemeryenda ng ilang Pilipino sa NSW (TSMH 2003), na bahagyang may kaibahan sa Pilipinas dahil hindi ito tipikal sa mga pamilyang Pilipino liban na lamang tuwing may okasyon katulad ng kaarawan at anibersaryo.

3. D'Town Filipino Cuisine

Liban sa mga convenience store at panaderya, hili-hilera na rin ang mga restawran na pagmamay-ari ng mga Pilipino. Gayumpaman, liban sa mga pagpapanatili ng kalidad, ginagarantiya din nila ang sanidad at/o kalinisan. Sakop din ng NSW Environment Protection Authority at Protection of the Environment Operations Act of 1997 ang lahat ng mga negosyong may kinalaman sa pagkain na pagmamay-ari ng mga Pilipino. Layunin ng batas na panatilihin ang pagproposeso ng pagkain at pagdidispuwesto ng pagkain. Sa NSW, ang *food waste* ay ikalawa sa pinakamalaking bolyum ng duming komersiyal at industriyal (SNSW w.tn.). Halimbawa, sistematiko ang katayan (*slaughter house*) o *abattoir* ng NSW, na malayo sa komunidad. Ang mga mataderong Pilipino ay dumadaan sa mabusising *training* ng Hazard Analysis Critical Control Point (HACCP) sa kung paano magkatay, maghiwa, at magdispuwesto ng mga karneng tupa, baka, at baboy (JRooz 2013). Pinatunayan ito halimbawa ni Luz:

‘Yung slaughter house halimbawa ng chicken ay malinis sila. Ang process nila ay maganda lalo na sa basurahan, segregated at malinis. Ang mga workers ay may PPE Safety First. Dito sa Australia, ayaw nila brutal ang slaughter (Luz 2022).

Ang ganitong malinis na kalagayan sa mga katayan at dispuwestuhan ay makikita rin sa mga restawran. Gaya ng mga mantikang kadalasang ginagamit ay malinis na dinidispuwesto. Ayon kay Alan:

Sa mga restaurant, meron silang designated na basura para sa pagkain at used cooking oil. Ginagawa din ng ibang mga tao ang food compost para gamiting fertilizer sa garden (Alan 2022).

Liban sa sanitasyon, mapapansin din sa mga Pilipinong restawran ang karaniwang katangian nito. Marami sa kanila ay *Family restaurant* o pagmamay-ari ng pamilya (Luz 2022), may mga musika at banda, at rehiyonal. Mapapansin sa mga restawran ay kumakatawan sa isang etnolinggwistikong pangkat sa Pilipinas. Nariyang makakakita ng mga restawran na nagtatampok ng mga pagkaing Ilokano, Bikolano, Pangasinense, Cebuano, Kapampangan, at iba pa. Sa aking pagsusuruy-suroy, napansin at nakakain sa D'Town Café Filipino Cuisine (tingnan ang Larawan 3) na makikita malapit sa Samosa Restaurant na nasa Graham Street, Doonside. Ayon sa kanilang websayt, orihinal itong tinawag bilang *Lutong Kapangpangan* (D'Town Café, w.tn.). Kaya naman mapapansin ang putaheng kanilang inihahanda katulad ng dinakdakan, adobong baboy, sarciadong tilapia, binagoongan, kare-kareng baka, kaldereta, at sinigang. Gayundin, ipinaparanas nito ang “pagkaing kalye” katulad ng barbeque o pag-iihaw at kwek-kwek.

LARAWAN 3

D'Town Café Filipino Cuisine sa Doonside, Blacktown



(Kuhang larawan ng may-akda, 2020)

Nahahati sa limang pangkat ang kanilang mga inihahaing pagkain: (1) A la Carte menu o isang ulam; (2) D'Town Platters o maramihang putahe; (3) Signature menu; (4) All Day Breakfast; at (5) D'Town Sizzlers (D'Town Café, w.tn.). Tuwing sasapit ang tag-init, mula buwan ng Disyembre hanggang Pebrero, nagtatampok din sila katulad ng mango sago, coffee jelly, buko pandan, halo-halo, sago't gulaman, at ube ice cream. Noong Pebrero 2020, may isang Pilipino akong nakasabay na kumakain ng halo-halo at talagang dinarayo niya ito tuwing tag-araw. Aniya:

Bihira lang ang may nagtitinda ng halo-halo sa New South Wales. Kaya pinupuntahan ko ito minsan, naaalala ko 'yung Razon's at siyempre wala dito 'yung nagkukuskos sa tabi-tabi o naglalako ng halo-halo gaya sa Pilipinas. Dito talaga sa Australia, dinadayo pa sa mga restaurant. Mahal nga lang din, kulang-kulang pa minsan ang sangkap (Manang na taga-Wahroonga 2020).

Gumaganap din sa iba't ibang okasyon ang espasyo ng D'Town, gaya ng kaarawan at binyagang Pilipino. Tampok din sa Blacktown ang Doonside Festival kaya't noong 2019,


binuksan ng restawran ang Eat-All You Can Buffet na nagkahalaga lamang ng 15 dolyar (D'Town Café, w.tn.). Litaw din sa restawran na ito ang pakikibahagi sa mga selebrasyon at okasyong nasa Pilipinas. Halimbawa, nagsasara sila tuwing Biyernes Santo at Sabado de Gloria, mga mahahalagang panahon sa Mahal na Araw, kahit sabihin pang hindi naman ito ginugunita sa buong Australia. Gayundin noong Hulyo 20, 2019, naghain ng Free Live Telecast ang restawran upang mapanood ng mga Pilipino ang laban sa boksing nina Manny Pacquiao at Keith Thurman sa WBA Welterweight Championship (D'Town Café, w.tn.).

4. Mama Lor Restaurant and Bakery

Pinagsamang restawran at panaderya ang Mama Lor Restaurant & Bakery (tingnan ang Larawan 4) sa Rooty Hill. Sa kanilang websayt, kinilala ang kainang Pilipinong ito sa iba't ibang pahayagan katulad ng Broadsheet, SBS Filipino, Issue, Cultural Pulse, Philtimes Australia's Filipino Newspaper, Time Out, at Good Food: Australia's Home of the Hats (MLR w.tn.). Kapansin-pansin din sa kanilang karatula ang makaPilipinong paanyayang "*There's no place like home.*" Itinayo ang Mama Lor ng isang pamilyang Sebwnano upang maging madali sa mga Pilipinong naroon ang makatikim ng *kalutong bayan* at upang maipatikim din ito sa ibang etnisidad at nasyonalidad. Sa aking pagtangkilik halimbawa sa mga restawran katulad ng Mama Lor, mahalaga ang kanilang pagkakagamit ng mga kasabihang *There's no place like home* at *You Should be Dining Here* na ani Navarro (2015a), wika ng pakikipagkapwa at pakikipagpalagayang-loob sa mga tagatangkilik.

LARAWAN 4

Mama Lor Restaurant and Bakery sa Rooty Hill, Blacktown



(Kuhang larawan ng may-akda, 2020)

Pormal na binuksan ang Mama Lor noong Disyembre 9, 2017 at nagkaroon pa ito ng isang sangay sa Watton, Werribee, Victoria na binuksan naman noong Oktubre 10, 2019 (MLR w.tn.; Sable Remit 2021). Dahil sa mga Sebvano ang nagpasimula ng restawran na ito, tampok sa kanilang mga putahe ay ang lechon. Maituturing bilang *bestselling specialties* ang Cebu lechon belly, kare-kare, at pork barbeque (Sable Remit 2021). Dumarami na rin ang komunidad ng mga Sebvano sa buong Australia. Ilan dito ay Sto. Niño de Cebu sa South Australia bilang pagpupugay at pagdedebosyon sa Sto. Niño at Cebuano Association of Australia Inc. sa Victoria (Philippine Embassy 2021). Gayumpaman, kalat-kalat ang mga Sebvano lalo na sa Blacktown at Parramatta. Maididikit sa delikasiyang Sebvano ang lechon. Sa kasaysayan, kilala ang Talisay, Cebu sa paglilitson ng baboy at manok at ipinapamana pa ang paraan ng pagluluto, paglalagay ng pampalasa, pagpapalutong ng balat, at iba pa, sa mga susunod na henerasyon. Ayon sa lokal na kasaysayan, maituturo kay Teresa Mancía Olo o Nang Ising ang unang pagluluto at pagnenegosyo ng lechon noon pang 1945 (Sabanpan-Yu 2007).

Hindi lamang Mama Lor ang naghahain ng mga lutong Sebvano sa NSW. Nariyan halimbawa ang Sydney Cebu Lechon sa Enmore Road, Sydney na bukod sa lechon, naghahain din ng braised soy chicken o *humba* (Morrissey 2020), bagaman mas naunang naitayo ang Mama Lor kompara rito. Liban sa lechon, ang Mama Lor ay nakapagdidistribuyt din ng mga lutong katulad ng inihaw na pusit at dahil sila’y panaderya rin, ng ube macapuno cake, sweet purple yam, cheesecake flan, at iba pa (Morrissey 2020).

KONGKLUSYON

Naturol sa panimulang pag-aaral na ito ang pagpapasundayag sa espasyong Pilipino sa dinayong pook ng New South Wales, Australia. Nakatulong ang panandaliang paglubog sa dinayong pook na nilakipan ng obhektibong pagmamasid, pagsusuruy-suroy, pagtitikim-tikim, pakikipagkuwentuhan, at pagpapakuwento. Sa pagpapahalaga sa diwa at lawak ng espasyong Pilipino at *kalutong bayan* bilang bahagi ng pamanang bayan (Villan 2017), gunitang bayan at salaysaying bayan (Villan 2020), at iba pang plural na anyo, napagyabong ang iba’t ibang panlipunang pananagisag. Naitampok sa pag-aaral ang nahahawakan (*tangible*) – mga pagkain at espasyong Pilipino at di-nahahawakan (*intangible*) – diwa ng *kalutong bayan* bilang bahagi ng pagkaPilipino sa NSW. Kapwa nakadukal ang dalawang uri ng yamang ito sa pang-araw-araw na mobilidad ng mga Pilipino sa paglilinang, paghahanda, pagluluto, pagprorodyus, pagdidistribuyt, at pagkokonsumo sa loob at labas man ng tahanan at hapag-Pilipino.

Mula sa mga markadong restawran, panaderya, *convenience store*, maging sa mga katayan, dispuwestuhan, at iba pa, doon ay nagtatagpo ang mga Pilipino upang tugunan ang kanilang pangangailangan. Ang bawat produksiyon at konsumpsiyon sa pagkain ng mga Pilipino ay siyang nagpatibay upang ipagpatuloy ang pagtindig ng mga espasyong ito sa mga susunod pang henerasyon ng mga Pilipino sa Australia. Ang patuloy

at nagpapatuloy pang pagpapahalaga at pag-alala ng mga Pilipino sa mga ganitong espasyo ay tunay na nakapook. Sa anyo ng pakikisalamuha ng mga Pilipino sa mga kapwa-Pilipino at/o pagiging bahagi ng sosyalisasyon sa loob ng espasyong Pilipinong ginagalawan ay maituturing bilang pagsasabuhay sa mga umiiral na kultura. Kung saan, aktibo at patuloy na nagpapayabong ang bawat Pilipino bilang tagapagmana ng yamang ito mula sa nakaraang buhay (Villan 2017).

Ang pagsasayapak sa *Kasaysayang Kabanwahan* tungo sa pag-unawa ng *kalutong bayan* ng mga ugnayang Pilipinas at Australia ay isang karagdagang ambag na makatutulong sa pagpapahalaga ng mga yamang Pilipino sa ibayong dagat. Sa ganitong pagninilay gamit ang espasyo at pagkaing Pilipino, mauunawaan ang pragmatikong pagpapahalaga sa pagkaPilipino nating mga Pilipino na lumagpas, kumalas, o naiiba sa tradisyonal, *stagnant*, at paulit-ulit nang usapin ng marhinalisasyon at transnasyonalismo sa ibayong dagat. Gamit ang pagsasaespasyong ito, mapagyayaman ang pagkakaisa at pagkakaunawaang Pilipino sa pagbubuo ng mala-*bayan*, pagka-*bayan*, ganap na bayan, o *ethnos* na kaisipan sa malalayong bayan.

REFERENCES

- Alan, J. (2022). Pagpapakuwento kay Joseph Alan ng Fairfield, New South Wales ni Axle Christien Tugano, E-mail, Agosto.
- Alegre, E. (1992). *Inumang Pinoy*. Pasig: Anvil Publishing, Inc.
- Alegre, E. at D. Fernandez. (1991). *Kinilaw: A Philippine Cuisine of Freshness*. Makati: Bookmark, Inc.
- Aquino, C. (1999). "Pagbabahagi ng Kuwentong Buhay: Isang Panimulang Pagtingin." Nasa S. Guerrero (ed.), *Gender-Sensitive and Feminist Methodologies: A Handbook for Health and Social Researchers* (pp. 83-116). Quezon City: University of the Philippines Press.
- Aquino, C. (2006). "Mga Kuwentong Buhay at Kuwentong Bayan sa Paghahabi ng Araling Panlipunan." Nasa T. Kintanar, C. Aquino, M. Camagay, at P. Arinto (mga ed.), *Kuwentong Bayan: Noong Panahon ng Hapon: Everyday Life in a Time of War* (pp. 390-399). Quezon City: University of the Philippines Press.
- Aussie Towns. (w.tn.). Campbelltown, NSW. *Aussie Towns*. <https://www.aussietowns.com.au/town/campbelltown-nsw>.
- Australian Bureau of Statistics (ABS). (2013a). 2011 Quick Stats. *Australian Bureau of Statistics*. <https://www.abs.gov.au/census/find-census-data/quickstats/2011/1>.

- Australian Bureau of Statistics (ABS). (2013b). People in Australia Who were born in the Philippines. *Australian Bureau of Statistics*. https://www.abs.gov.au/census/find-census-data/quickstats/2011/5204_0.
- Australian Bureau of Statistics (ABS). (2016). People in Greater Sydney who were born in Philippines. *Australian Bureau of Statistics*. https://www.abs.gov.au/census/find-census-data/quickstats/2016/5204_1GSYD.
- Australian Bureau of Statistics (ABS). (2022). Overseas Arrivals and Departures, Australia: Statistics on International Travel Arriving in and Departing from Australia. *Australian Bureau of Statistics*. <https://www.abs.gov.au/statistics/industry/tourism-and-transport/overseas-arrivals-and-departures-australia/latest-release>.
- Australian Government Department of Foreign Affairs and Trade (AGDFAT). w.tn. The Australian National Anthem. *Australian Government Department of Foreign Affairs and Trade*. https://www.dfat.gov.au/facts/nat_anthem.html.
- Australian Government Department of Home Affairs (AGDHA). (2016). *Philippines-Born Community Information Summary*. Commonwealth of Australia.
- Australian Pork Limited (APL). (2008). *Joint Standing Committee on Foreign Affairs, Defence and Trade: Inquiry into Australia's relationship with the Association of South East Asian Nations (ASEAN) (2008)*. Australian Pork.
- Banlaoi, R. (2003). Broadening Philippine-Australia Defence Relations in the Post 9/11 Era: Issues and Prospects. *Contemporary Southeast Asia* 25(3): 473-488. <https://www.jstor.org/stable/25798658>.
- Besa, A. at R. Dorotan. (2006). *Memories of Philippine Kitchen*. Harry N. Abrams.
- Bevan, K. (2018). Why so many Filipinos choose Australia as their second home. *World Remit*. <https://www.worldremit.com/en/stories/story/2018/01/26/filipinos-australia>.
- BM Express: Door to Door to the Philippines. (w.tn.). FAQ. *BM Express: Door to Door to the Philippines*. <https://bmexpress.com/faq>.
- Bobis, M. (2021). Dekolonyal na Elastisidad sa Salaysay ng Paglalakbay at na Naglalakbay ng Makatang Filipinong Transnasyonal: Mga Pakikipagsapalarang Malikhain at Kritikal. *Katipunan Journal* 8(1): 56-84. <https://ajol.ateneo.edu/katipunan/articles/539/6914>.

- Bourdieu, P. (1986). The Forms of Capital. Nasa J. Richardson (ed.), *Handbook of Theory and Research for the Sociology of Education* (pp. 241-258). New York: Greenwood.
- Capili, J.W. (2016). *Migrations and Mediations: The Emergence of Southeast Asian Diaspora Writers in Australia, 1972-2007*. Quezon City: The University of the Philippines Press.
- Capili, J.W. (2021). Dalawang Antolohiya, Isang Kasaysayang Pampanitikan: Ilang Tala sa Likod ng Tatlong Aklat Tungkol sa mga Manunulat na Pilipino sa Australia. *Katipunan Journal* 8(1): 125-143. <https://ajol.ateneo.edu/katipunan/articles/539/6917>.
- Christie, E.M. (2012). Migrant Dairy Farm Staff in Canterbury: Filipino and Chilean Experiences. Disertasyon, Lincoln University.
- City of Sydney (COS). (2018). Local Government Area. *City of Sydney*. <https://www.cityofsydney.nsw.gov.au/-/media/corporate/files/general/map-of-city-of-sydney-local-government-area.pdf>.
- Cordero-Fernando, G. (ed.). (1976). *The Culinary Culture of the Philippines*. Bancom Audiovision Corporation.
- Cordero-Fernando, G. (1992). *Philippine Food and Life*. Pasig: Anvil Publishing, Inc.
- Dagli, W. (2013). Pamamaybay sa Ilog Lagnas: Isang Panimulang Pagbabalangkas ng mga Piling Usapin sa Bundok Banahaw. Masteradong Tesis sa Sosyolohiya, University of the Philippine Diliman.
- Department of Foreign Affairs (DFA). (2016). PHL Consulate General Hosts Independence Day Celebration with Filipino Community Leaders in New South Wales. *Department of Foreign Affairs*. <https://dfa.gov.ph/dfa-news/news-from-our-foreign-service-postupdate/9676-phl-consulate-general-hosts-independence-day-celebration-with-filipino-community-leaders-in-new-south-wales>.
- Department of Foreign Affairs (DFA). (2017). PHL Consulate General in Sydney Celebrates Kalayaan 2017 Filipino Community Leaders, Media in NSW. *Department of Foreign Affairs*. <https://dfa.gov.ph/dfa-news/events/kalayaan-2017/13035-phl-consulate-general-in-sydney-celebrates-kalayaan-2017-filipino-community-leaders-media-in-nsw>.
- Devilles, G. (2021). Tunog Tagalog: Pagninilay-nilay sa Kultura ng Pakikinig at Politikal na Ekolohiya ng mga Bagay. *Katipunan Journal* 8(1): 144-159. <https://ajol.ateneo.edu/katipunan/articles/539/6918>.

- Di-banggit. (1998). *Towards Full Participation in Australian Society*. New South Wales, Australia.
- D'Town Café. (w.tn.) D'Town Café Filipino Restaurant. *Facebook*. https://www.facebook.com/dtowncafe/?ref=page_internal.
- Elumbre, A. (2015). "Lokalisasyon at Kabanwahan Bilang mga Lapit sa Rehiyonalismo ng Timog Silangang Asya." Nasa A. Navarro, M.J. Rodriguez-Tatel, at V. Villan (mga ed.), *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar; Tomo I: Araling Pangkapaligiran, Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, Pilosopiyang Pilipino, at Araling Kabanwahan* (pp. 262-284). Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc.
- Elsworthy, E. (2020, March 6). Coronavirus infection closes Epping Boys High School, northern suburbs become centre of Sydney's outbreak. *ABC News Sydney, Australia*. <https://www.abc.net.au/news/2020-03-06/coronavirus-cases-increase-in-nsw-as-authorities-trace-virus/12031678>.
- Enriquez, M. (1993). *Kasaysayan ng Kaluto ng Bayan*. Manila: Zita Publishing Corp.
- Environment New South Wales (NSW). (w.tn.). Licences to harm kangaroos. *Department of Planning and Environment*. <https://www.environment.nsw.gov.au/licences-and-permits/wildlife-licences/licences-to-control-or-harm/licences-to-harm-kangaroos>.
- Espada, J. (2019). Pagsusuri ng mga Salitang Kapampangan mula sa Arte dela Lengua Pampanga ni Fray Diego Bergaño na may Kaugnayan sa Pagkain. *Mabini Review* 8(1): 91-122. <https://apps.pup.edu.ph/ojs/app/ad/MABREV/206/57>.
- Fast, M. (2021). "Pangingibang-Bayan ng mga Pilipino sa Canada: Ang Pakikipagsosyo ng Dalawang Komunidad ng Imigrante sa Pagbuo ng Samahan ng Simbahan, 1981-2018." Nasa V. Villan at K. Esquejo (mga ed.), *Pangangayaw: Ang Pangingibang-Baan at Paghahanap ng Ginhawa sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino* (pp. 389-418). Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan (ADHIKA) ng Pilipinas, Inc. at National Commission for Culture and the Arts.
- Fernandez, D. (1986). "Food and the Filipino." Nasa V. Enriquez (ed.), *Philippine World-View* (pp. 20-44). Singapore: Institute of Southeast Asian Studies.
- Fernandez, D. (1988). Culture Ingested: Notes on the Indigenization of Philippine Food. *Philippine Studies* 36(2): 219-232. <https://www.jstor.org/stable/42633085>.

- Fernandez, D. (1994). *Tikim: Essays on Philippine Food and Culture*. Pasig: Anvil Publishing, Inc.
- Fernandez, D. (1998a). "Food at the Very Beginning." Nasa G. Casal, E. Dizon, W. Ronquillo, at C. Salcedo (mga ed.), *Kasaysayan: The Story of the Filipino People, The Earliest Filipinos* (pp. 42-43). Hong Kong: Asia Publishing Company Ltd.
- Fernandez, D. (1998b). "The Staff of Filipino Life." Nasa G. Casal, E. Dizon, W. Ronquillo, at C. Salcedo (mga ed.), *Kasaysayan: The Story of the Filipino People, The Earliest Filipinos* (pp. 84-85). Hong Kong: Asia Publishing Company Ltd.
- Fernandez, D. (1997). *Fruits of the Philippines*. Makati: Bookmark, Inc.
- Fernandez, D. at E. Alegre. (1988). *Sarap: Essays on Philippine Food*. Manila: Mr. & Mrs. Pub. Co.
- Fernandez, D. at J. Best. (2000). *Palayok: Philippine Food Through Time, On Site, in the Pot*. Makati: Bookmark, Inc.
- Filipino Food Movement (FFM). (w.tn.). Filipino Restaurants / Cafes / Eateries / Shops / Food Trucks around Australia. *Filipino Food Movement*. <https://www.filipinofoodmovementaustralia.org/directory>.
- Guerrero-Nakpil, C. (1967). "Filipino Food." Nasa C. Guerrero-Nakpil (awt.), *A Question of Identity* (pp. 18-20). Manila: Vessel Books.
- Guillermo-Yu, M. (2014). Perspectives of Primary School Children of Filipino Immigrants on their Home and School Experiences in South Australia. *Disertasyon sa Edukasyon*, The University of Adelaide.
- Halvorson, D. at L. West. (2020). A Retrospective on the Australia-Philippines Political and Security Relationship. *Australian Journal of International Affairs* 74(5): 557-577. <https://doi.org/10.1080/10357718.2020.1725424>.
- Hercok, M. at M. Tonts. (2004). From the Rangelands to the Ritz: Geographies of Kangaroo Management and Trade. *Geography* 89(3): 214-225. <https://www.jstor.org/stable/40573993>.
- Holmes, A.W. (1973). Substitute Foods- A Practical Alternative? *Philosophical Transactions of the Royal Society of London. Series B, Biological Sciences* 267(882): 157-166. <http://www.jstor.org/stable/2417282>.

- Ileto, R. (1998). *Filipinos and their Revolution: Event, Discourse, and Historiography*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Ileto, R. (2004). "Heriverto Zarcal: The First Filipino-Australian." Nasa A. Shukul. G. Ramsay, at Y. Nagata (mga ed.), *Navigating Boundaries: The Asian Diaspora in Torres Strait* (pp. 123-128). Australian National University: Pandanus Books.
- Ileto, R. at R. Sullivan. (1993). *Discovering Australasia: Essays on Philippine-Australian Intersections*. Townsville: James Cook.
- JRoos. (2013). Butchery in Australia - Tips on How Filipino Can Improve Their Chances in Working in Australia as Butchers. *Pinoy Work and Study Abroad*. <https://pinoyworkandstudyabroad.blogspot.com/2013/08/butchery-in-australia-tips-on-how.html>.
- Jupp, J. (ed.) (1988). *The Australian People: An Encyclopedia of the Nation, Its People, and their Origins*. Canberra: Australian National University.
- Lacuna, I. (2021). Sentimentalismong Sintunado: Mga Harana sa La India Elegante y El Indio Amante ni Francisco Balagtas at Ms Serena Serenata ni Merlinda Bobis. *Katipunan Journal* 8(1): 23-40. <https://ajol.ateneo.edu/katipunan/articles/539/6912>.
- Liebelt, C. (2013). Consuming Pork, Parading the Virgin, and Crafting Origami in Tel Aviv: Filipina Care Worker's Aesthetic Formations in Israel. *Ethnos: Journal of Anthropology* 78(2): 255-279. <https://doi.org/10.1080/00141844.2012.655302>.
- Llana, J. (2021). Pagkakatha at Pagtatanghal sa Espasyong Transnasyonal: Isang Pakikipagdiyalogo sa Fish-Hair Woman ni Merlinda Bobis. *Katipunan Journal* 8(1): 41-55. <https://ajol.ateneo.edu/katipunan/articles/539/6913>.
- Locke, S. (2003). Banana Wars: The Food Security Implications of the Australia-Philippines Agricultural Trade Dispute. *Philippine Studies* 51(2): 284-308. <https://www.jstor.org/stable/42633651>.
- Lola Saling. (2020). Pagpapakuwento kay Lola Saling ni Axle Christien Tugano, Hornsby at Parramatta, New South Wales, Australia, Marso.
- Lorenzana, J. (2021). Mga Relasyong Panlipunan at mga Kakayahan ng mga Dalubhasang Migranteng Filipino sa Perth, Western Australia. *Katipunan Journal* 8(1): 85-105. <https://ajol.ateneo.edu/katipunan/articles/539/6915>.

- Luz, R. (2022). Pagpapakuwento kay Reonell Luz ng Liverpool, New South Wales ni Axle Christien Tugano, E-mail, Agosto.
- Maiquez, R. (2021). Ang Lugar ng Araling Pilipino sa Kontinenteng Australia: Sipat Mula sa Karanasan ng Diasporang Filipino at Iskolar(syip) sa Melbourne, Victoria. *Katipunan Journal* 8(1): 106-124. <https://ajol.ateneo.edu/katipunan/articles/539/6916>.
- Mama Lor Restaurant (MLR). (w.tn.). About Us. *Mama Lor Restaurant*. <https://www.mamalor.com/>.
- Manang na taga-Wahroonga. (2020). Pakikipagkuwentuhan kay Manang na taga-Wahroonga ni Axle Christien Tugano, Blacktown, New South Wales, Australia, Pebrero.
- Masinag, R. (2020). 310,000 Filipino migrants are calling Australia their second home, new data reveals. *SBS Filipino*. <https://www.sbs.com.au/language/filipino/en/article/310-000-filipino-migrants-are-calling-australia-their-second-home-new-data-reveals/n2nobbunt>.
- Melchrishel Bakery. (w.tn.). Melchrishel Bakery. *Facebook*. <https://www.facebook.com/pages/Melchrishel-Bakery/143775465666445>.
- Morrissey, P. (2020, August 28). The best Filipino restaurants in Sydney. *Time Out*. <https://www.timeout.com/sydney/restaurants/the-best-filipino-restaurants-in-sydney>.
- Navarro, A. (2012). Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya. *Saliksik E-Journal* 1(1): 1-31. <https://ejournals.ph/article.php?id=5449>.
- Navarro, A. (2015a). "Pagkain at Pagkapilipino sa Ibayong Dagat: Pagpopook at Pagsasakasaysayan sa mga Espasyong Pilipino sa Bangkok, Thailand." Nasa A. Navarro, M.J. Rodriguez-Tatel, at V. Villan (mga ed.), *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar; Tomo I: Araling Pangkapaligiran, Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, Pilosopiyang Pilipino, at Araling Kabanwahan* (pp. 285-313). Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc.
- Navarro, A. (2015b). Kasalimuotan ng mga Pagkakakilanlan sa Timog Silangang Asya: Tungo sa Pagtatampok sa Taumbayan sa Araling Timog Silangang Asya at Araling ASEAN sa Diwa ng Araling Kabanwahan. *Saliksik E-Journal* 4(2): 139-146. <https://www.ejournals.ph/article.php?id=9720>.

- Novillo, M.A. (2019). Sinulog sa Ibayong Dagat: Pagdidiskurso sa Simbolikong Anyo ng Migrasyon sa Pampamayanang Pagdiriwang sa New Zealand. Conference Paper, Ika-30 Pambansang Komperensiya sa Kasaysayan at Kalinangan. Romblon State University.
- Ocampo, A. (1993). *Aguinaldo's Breakfast and More Looking Back Essays*. Pasig: Anvil Publishing, Inc.
- Orteza, G. (1997). Pakikipagkuwentuhan: Isang Pamamaraan ng Sama-Samang Pananaliksik, Pagpapatotoo, at Pagtulong sa Sikolohiyang Pilipino. *PPRTH Occasional Papers Series 1*.
- Pama, H. (2014). Ragpa kan Pagkaba'go: A Deconstructive Ethnography of the Detritus of Modernity in Bicol's Coastal Villages. Disertasyon sa Antropolohiya, University of the Philippines Diliman.
- Parsons, C. (2020). Pakikipagkuwentuhan kay Cecilia Parsons ni Axle Christien Tugano, Gordon, New South Wales, Australia, Pebrero.
- Pe-Pua, R. (2002). *Voice Out: A Conference On, For and By Filipino-Australian Youth, Report*. Rogelia Pe-Pua and Philippine Community Council of New South Wales (PCCNSW).
- Perdon, R. (2014). *Connecting Two Cultures: Australia and the Philippines*. Sydney, Australia: Manila Prints.
- Philippine Embassy. (2012). *The Philippines and Australia: A True and Steadfast Friendship, A Reference Guide to Philippines-Australia Relations*. Canberra, Australia: Philippine Embassy.
- Philippine Embassy. (2021). Filipino Community Organizations in Australia. *Philippine Embassy*. <https://dms.philembassy.org.au/index.php/website/the-philippines/742-directory-of-filipino-communities-in-australia-2/file>.
- Pinoy Stop Doonside. (w.tn.). Pinoy Stop. *Facebook*. <https://www.facebook.com/pinoystop1>.
- Popat, M., G. Griffith, at S. Mounter. (2017). The Economic Impact of Imports on the Australian Pig Industry: Is it Time for the WTO's Safeguard Measures? Replicating and Updating the 2008 Productivity Commission Analyses. *Australasian Agribusiness Review* 25(1): 1-21. <https://AAR-Vol-25-Paper-1-Popat-et-al-29r6yzw.pdf>.

- Presidential Broadcast Staff Radio Television Malacañang (PBSRTM). w.tn. Philippines-Australia Trade Relations. *Presidential Broadcast Staff Radio Television Malacañang*. <https://rtvm.gov.ph/philippines-australia-trade-relations/>.
- Professional Pig Community (PPC). (2020, March 12). Australia: rising pork prices are encouraging farmers to recover herds. *Professional Pig Community*. https://www.pig333.com/latest_swine_news/australia-rising-pork-prices-encourage-pig-farmers-to-recover-herds_15905/.
- Quinto-Bailon, R. (2023). "Isang Paglalakbay sa Lupain ng Ginintuang Pangarap: Kuwentuhan, Karanasan, at Kasaysayan." Nasa A.C. Tugano (ed.), *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* (pp. 299-306). Limbagang Pangkasaysayan.
- Ramos, I. (2018). *Republic of Taste: The Untold Stories of Cavite Cuisine*. Ige Ramos Design Studio.
- Ramos, I. (2019). *Dila at Bandila: Ang Paghahanap sa Pambansang Panlasa ng Filipinas*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
- Sabanpan-Yu, H. (2007). Cebuano Food Festivals: A Matter of Taste. *Philippine Quarterly of Culture and Society* 35(4): 384-392. <https://www.jstor.org/stable/29792629>.
- Sable Remit. (2021, July 21). Support local: The seven best Filipino restaurants in Australia. *Sable Remit*. <https://www.sableremit.com.au/blog/support-local-the-seven-best-filipino-restaurants-in-australia>.
- Saint-Blancat, C. at A. Cancellieri. (2014). The Appropriation of Public Space Through a Religious Ritual: The Filipino Procession of Santacruzán in Padua, Italy. *Social and Cultural Geography* 15(6): 645-663. <https://doi.org/10.1080/14649365.2013.879494>.
- Salazar, J. (2012). Eating Out: Reconstituting the Philippines' Public Kitchens. *Thesis Eleven* 112(1): 133-146. <https://doi.org/10.1177/0725513612452654>.
- Santiago, C. at V. Enriquez. (1982). "Tungo sa MakaPilipinong Pananaliksik." Nasa R. Pe-Pua (ed.), *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit* (pp. 155-160). Quezon City: University of the Philippines Press.
- Service NSW (SNSW). (w.tn.). Waste management in cafes, restaurants and small bars. *Service NSW*. <https://mybusiness.service.nsw.gov.au/waste-management-crsb>.

- Smith, T. (2017, September 27). 10 Ways to Eat Kangaroo in Australia. *The Culture Trip*. <https://theculturetrip.com/pacific/australia/articles/10-ways-to-eat-kangaroo-in-australia/>.
- Sosnoski, J. (2013). Brief Summary of Kangaroo Culling in Australia. *Animal Legal & Historical Center*. <https://www.animallaw.info/intro/kangaroo-culling-australia>.
- Sta. Maria, F. (2005). GAMBILA: A Preliminary Framework for the Study of Philippine Culinary History with Multidisciplinary Impact on Contemporary Social Reality. *The Journal of History* 51(1-4): 130-170. <https://ejournals.ph/article.php?id=5263>.
- Sta. Maria, F. (2006). *The Governor-General's Kitchen: Philippine Culinary Vignettes and Period Recipes, 1521-1935*. Pasig: Anvil Publishing, Inc.
- Sta. Maria, F. (2012). *The Foods of Jose Rizal*. Pasig: Anvil Publishing, Inc.
- Sta. Maria, F. (2021). *Pigafetta's Philippine Picnic: Culinary Encounters During the First Circumnavigation, 1519-1522*. Manila: National Historical Commission of the Philippines.
- Stanley, J. (2015). Conceptualizing Temporary Economic Migration to Kuwait: An Analysis of Migrant Churches Based on Migrant Social Location. *Mission Studies* 32(2): 234-249. https://doi.org/10.1163/9789004326156_007.
- Tayag, C. (2022). The biggest little Filipino cookbook of Pura Villanueva Kalaw. *Phil Star Life*. <https://philstarlife.com/living/515362-filipino-cookbook-pura-villanueva-kalaw>.
- The Sydney Morning Herald (TSMH). (2003, July 23). Sugar Babes. *The Sydney Morning Herald*. <https://www.smh.com.au/lifestyle/sugar-babes-20030723-gdh54n.html>.
- Torres, J.V. (1994). Heriverito T. Zarcal: A Filipino Diplomat in Australia. *Philippine Quarterly of Culture and Society* 22(1): 23-36. <https://www.jstor.org/stable/29792141>.
- Torres-D'Mello, A. (2003). *Brown Outside, White Inside: A Study of Identity Development Among Children of Filipino Immigrants in Australia*. Quezon City: Giraffe Books.
- Trinidad, C. (2008). *Nostalgia: In the Kitchen, A Recollection of Old Restaurants, Endangered Recipes and Kitchen Gadgets*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House.

- Tugano, A.C. (2020). Ugnayang Australia at Pilipinas: Mga Natatanging Gunita ng Diaspora at Rebolusyong Pilipino. *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History* 3(2): 119-135. <http://www.talakasaysayan.org/index.php/talakasaysayan/article/view/45>.
- Tugano, A.C. (2021). Panimulang Pagbabalangkas sa Ugnayan/Pagkaka-ugnay ng Panlasang Kapilipinuhan sa mga Piling Pagkaing Natikman sa Ibayong Dagat ng Timog Silangang Asya. *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History* 4(1): 1-45. <http://talakasaysayan.org/index.php/talakasaysayan/article/view/48>.
- Tugano, A.C. (2022a). Ang Identidad ng Relihiyon, Ang Relihiyon ng Identidad: Isang Anekdotal na Tala Bilang Manlalakbay sa Timog-Silangang Asya. *Katipunan Journal* 9(1): 97-142. <https://ajol.ateneo.edu/katipunan/articles/556/7189>.
- Tugano, A.C. (2022b). "Paglilinang sa Araling Pangmanlalakbay sa Diwa ng Araling Kabanwahan: Isang Panimulang Pagdalumat" Nasa J. Adaya at J.R. Viray (mga ed.), *Hugpungan: Katutubong Kaalaman at Interdisiplinaridad sa Panahon ng Krisis*. (pp. 174-257) Center for Philippine Studies, Polytechnic University of the Philippines.
- Tugano, A.C. (2023). Mga Bantayog ni Jose Rizal sa New South Wales, Australia at Pagtatakda ng mga Espasyong Pilipino. *Journal of Philippine Local History & Heritage* 9(1): 90-181.
- Tugano, A.M. (2022). Pagpapakuwento kay Alexander Tugano ni Axle Christien Tugano, Marikina City, Agosto.
- Van, L. (2021). Mga Multong Balikbayan at Dekolonyalidad: Sa Paghahanap ng Pangalan para sa mga Turistang Nagbabalikbayan. *Katipunan Journal* 8(1): 8-22. <https://ajol.ateneo.edu/katipunan/articles/539/6911>.
- Vera, M.G. de. (1982). "Pakikipagkuwentuhan: Paano Kaya Pag-aaralan ang Pakikiapid?" Nasa R. Pe-Pua (ed.), *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit* (pp. 187-193). Quezon City: University of the Philippines Press.
- Victoria, F.P. (2015). "Panimulang Implementasyon ng mga Pilipinong Batas sa Overseas Absentee Voting at Dual Citizenship sa New South Wales, Australya at New Caledonia, 2003-2008." Nasa A. Navarro, M.J. Rodriguez-Tatel, at V. Villan (mga ed.), *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar; Tomo I: Araling Pangkapaligiran, Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, Pilosopiyang Pilipino, at Araling Kabanwahan* (pp. 314-335). Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc.

- Victoria, F.P. (2023). "Mga Gunita ng Isang Diplomat sa Lupain ng mga Kangaroo." Nasa A.C. Tugano (ed.), *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* (pp. 360-364). Limbagang Pangkasaysayan.
- Villan, V. (2014). Kasakupan, Pag-uugnayan, at Pag-iilihan: Isang Paggunita at Pagsasakasaysayan ng Katipunan at Himagsikang Pilipino sa Capiz, 1896-1898. *Saliksik E-Journal* 3(2): 169-213. <https://ejournals.ph/article.php?id=5491>.
- Villan, V. (2017). Kahulugan, Larangan, at Kabuluhan: Ang Panubliong Bahanda ng Pangkat-Etnikong Bisaya sa Pag-aaral ng mga Pamanang Bayan sa Kanlurang Kabisayaan. *Saliksik E-Journal* 6(1): 272-299. <https://ejournals.ph/article.php?id=11799>.
- Villan, V. (2020). Gunitang Bayan at Salaysaying Bayan: Ang Pamanang-lahi sa Pag-unawa ng Kalakarang Panlipunan at Produksiyong Pangkaalaman sa Pilipinas. *TALAS Journal* 5: 238-258. <https://philippine.culturaleducation.com.ph/wp-content/uploads/2021/07/TALAS-5.pdf>.
- Villanueva-Kalaw, P. (1918). *Condimentos Indigenas*. Manila: E.C. McCullough y Cia.
- Violata, A. at R. Manila (2017, February 10). Blacktown, NSW. *SBS Filipino*. <https://www.sbs.com.au/language/filipino/en/article/blacktown-nsw/vh6uihaum>.
- Wall, D.R. at C. Choo. (2016). *Re-imagining Australia: Voices of Indigenous Australians of Filipino Descent*. Queensland: Keeaira Press.
- Woodgate, T. (2017, December 18). Australian food: 40 dishes locals like to call their own. *CNN Travel*. <https://edition.cnn.com/travel/article/australian-food/index.html>.
- Yapan, A. (2021). Ang Australia sa Harayang Filipino. *Katipunan Journal* 8(1): 2-4. <https://ajol.ateneo.edu/katipunan/articles/539/6925>.
- Zaide, G. at S. Zaide. (2005). *Kasaysayan ng mga Bansang Asyano, Ika-7 Edisyon*. Quezon City: All-Nations Publishing Co., Inc.

